ALAMAT

BUHAT SA 29 NA BAYAN NG LAGUNA

PROYEKTO

NG

PANLALAWIGANG LUPON SA KULTURA

A L A M A T

BUHAT SA 29 NA BAYAN NG LAGUNA

PROYEKTO

NG

PANLALAWIGANG LUPON SA KULTURA

Karapatan sa sipi 1978 ng Lalawigan ng
Laguna at ng Unibersidad ng Pilipinas.

P A M B U N G A D

Ang katipunan ng mga alamat na ito ay isa sa mga proyekto ng Panlalawigang Lupon sa Kultura na sinimulan noong 1975. Bunga ito ng pananaliksik ng Pambayang Lupon sa Kultura ng 29 na bayan ng Laguna. Layunin ng aklat na ito na dulutan ang mga mag-aaral at ibang mambabasa ng mga kaalamang-bayan na naglalarawan ng kaugalian, kaisipan, paniniwala at pamumuhay ng nagdaang panahon. Isa rin itong mahalagang dagdag na babasahing pampaaralan na makatutulong sa pagpapanariwa ng ating sariling kultura lalo na sa mga kabataan na dapat munang busugin sa katutubong panitikan sa halip na mga banyagang babasahin.

Hindi maikakaila ang ginugol ditong panahon, pagod at pag-iisip. Utang ito sa lahat ng Pambayang Lupon sa Kultura at sa mamamayang kanilang kinapanayam o pinaghanguan ng kaalamang-bayang ito. Para sa kanilang lahat, isang taos-pusong pasasalamat.

Ang katipunang ito ay isang pagsisikap ng Panlalawigang Lupon sa Kultura na makatulong sa pagpapayaman ng panitikan ng bansa. Inaasahang mailalathala rin namin sa lalong madaling panahon ang isang sinuring bersiyon nito upang higit na pakinabangan ng mamamayang Pilipino.

FELICIDAD SAGALONGOS-SAN LUIS
Tagapangulo
Panlalawigang Lupon sa Kultura

Agosto 2, 1978

LOS BANOS

Ang Alamat ni Maryang Makiling
Ang Alamat ng Dagatang Tadlac
(Alligator Lake)
Ang Alamat ng Bambang
Ang Alamat ng Bayog
Ang Pinagmulan ng Timugan
Ang Alamat ng Maahas
Ang Alamat ng Anos
Ang Alamat ng Tabako

LUISIANA

Ang Alamat ng Simbahang Bato

LUMBAN

Ang Alamat ng Pinagbakahan
Ang Alamat ng Caliraya
Ang Alamat ng Saging Gloria
Ang Alamat ng Maytalang
Ang Teban at ang Leta
Ang Alamat ng Lumban, Laguna

MABITAC

Ang Alamat ng Mabitac

MAGDALENA

Ang Alamat ng Pintong Pilak

MAJAYJAY

Ang Alamat ng Dalit-iwan
Ang Alamat ng Coralao (Nagkura)
Ang Alamat ng Pangil
Ang Alamat ng May-it

NAGCARLAN

7 Ang Alamat ng Bayan ng Nagcarlan
12 Ang Alamat ng Balinacon

NAGCARLAN

13 Ang Alamat ng Silangang Ilaya
15 Ang Alamat ng Abo
16 Ang Alamat ng Kabubuhayan
17 Ang Alamat ng Putol
18 Ang Alamat ng Buhanginan
19 Ang Alamat ng Sibulan
20 Ang Alamat ng Banca-Banca
20 Ang Alamat ng Buboy
21 Ang Alamat ng San Francisco
22 Ang Alamat ng Balimbing
23 Ang Alamat ng Nayon ng Bunga, Balayong at Bayakitos
25 Ang Alamat ng Nayon ng Alumbrado, Talahib at Sulsugin
27 Ang Alamat ng Nayon ng Talangan
28 Ang Alamat ng Banago
29 Ang Alamat ng Nayon ng Tipacan
31 Ang Alamat ng Palayan
32 Ang Alamat ng Sta. Lucia
34 Ang Alamat ng Yukos
36 Ang Alamat ng Sabang
37 Ang Alamat ng Maiit
38 Ang Alamat ng Bambang
40 Ang Alamat ng Taytay
45 Ang Alamat ng Alibungbungan
46 Ang Alamat ng Lazaan
48 Ang Alamat ng Malinao
50 Ang Alamat ng Bangkuro
50 Ang Alamat ng Labangan
53 Ang Alamat ng Sinipian
53 Ang Alamat ng Dama de Noche
55 Ang Alamat ng Palay
58 Ang Alamat ng Lansones
62 Ang Alamat ng Niyog
64 Ang Alamat ng Alitaptap
66 Ang Alamat ng Makahiya
69 Ang Alamat ng Makopa
72 Ang Alamat ng Mangga
75 Ang Alamat ng Maya
76 Ang Alamat ng Dahong-Palay
77 Ang Alamat ng Halamang Aroma
79 Ang Alamat ng Ilang-Ilang
80 Ang Alamat ng Paru-paro
83 Ang Alamat ng Kawayan
86 Ang Alamat ng Duhat
87 Ang Alamat ng Makapuno

ALAMAT NG BAYAN NG NAGCARLAN
(Bayang May Sementeryo sa Ilalim ng Lupa)

Isa sa pinakamalaking bayan sa ikalawang purok ng Laguna ay ang bayan ng Nagcarlan. Ito ay natatagpuan sa paanan ng mga bundok ng Banahaw at Cristobal at napapaligiran ng magagandang tanawin. Kinatatagpuan ito ng ilang malalaking ilog na dinadaluyan ng malinis at malamig na tubig.

Sa ngayon ito'y may mga dalawampu't pitong libong masisipag na mamamayan at klasipikado bilang pangalawang uri ng munisipyo. Ilan sa mahalaga nitong produkto ay niyog, lansones, palay, at iba't ibang prutas at gulay na labis-labis pang panustos sa pangangailangan ng mga naninirahan dito.

Kung mayroon mang maipagmamalaki ang bayan ng Nagcarlan, ito'y ang pagkakaroon niya ng mga makaibigan at mabuting sumaludar na mga mamamayan. Mapatutunayan ito ng mga taga ibang lugar, kung sila ay napapadalaw sa mga taga-Nagcarlan, sa anumang araw lalo na sa araw ng kapistahan ng kanilang patron, San Bartolome at San Diego, tuwing ika-24 at 25 ng Agosto.

Sa tuwing tag-init ang bayan ng Nagcarlan ay pinagdarayo araw-araw ng napakaraming turistang

lokal. Mangyari pa, sapagkat bukod sa malamig na klima nito matatagpuan din dito ang ilang magagandang lugar at resort gaya ng Real Resort, Villa Sylvia, Castillo Resort, Bunga or Twin Falls, Talahibing River, Villa Mercedes at iba pa.

Maraming pala-palagay kung paano kinuha ang pangalang Nagcarlan para sa bayang ito. Ayon sa ilang matatanda ang Nagcarlan daw ay nanggaling sa salitang Nagkarlang. Nang dumating ang mga Kastila rito, ang mga mamamayan daw ay nakipaglabang mabuti sa mga manlulupig kung kaya't ang Nagcarlan ay nahuhuling malipat sa pagiging kristiyano kaysa mga kalapit bayan.

Ayon sa kasulatan ng simbahan na sinulat ng misyonerong Pransiskano na si Reb. Padre Felix de Huertas, ang mga taga-Nagcarlan at Majayjay ay nakipaglaban nang ilang taon sa mga puwersang pinamunuan ni Kapitan Juan de Salcedo noong 1571.

Nang ang bayan ay masakop ng mga Kastila, natagpuan nilang ang mga mamamayan ay pinamumunuan ng isang babaing tumutugon sa pangalang Ana Panalangin o Ana Kalang ayon naman sa iba, siya ay matapang na puno kung kayat malaki ang paggalang sa kanya ng mga tagasunod. Upang madaling makuha ang mga Kastila ang mabuting pagtingin ng mga mamamayan, kinaibigan

nila si Ana Kalang, madalas dumalaw ang mga Kastila sa bahay ni Ana Kalang at ito'y tinawag nilang Donya Ana. Sa tuwing sila'y napapanhik sa bahay ni Donya Ana, madalas ang mga Kastilang ito'y nakakarinig ng kakaibang tunog na animong pinagkuskos na mga sanga ng punong kahoy na malapit sa bahay na ito. Sa tuwing itatanong ito ng mga Kastila, madalas sagutin ni Ana na yaon ay nagkakalangkalang lamang ang mga sanga ng punong kahoy. Anupa't sa tuwing naririnig ito ng mga Kastila, paulitulit nilang binabanggit ang salitang nagkakalang na parang pilit nilang inilalarawan kung ano nga yaong anyong iyon ng mga sanga, hanggang tawagin nila ang bayang ito na Nagkalang.

Ayon sa ilang natagpuang kasulatan na nagpasalinsalin na iba't ibang henerasyon, sinikap ng mga Kastila na magtayo ng maliit na simbahan sa bayang ito. Upang maakit ang mga mamamayan, sila ay inanyayahan pa ng mga Kastila na magtayo ng kani-kanilang bahay sa kalapit ng simbahan. Subalit dahil sa ang mga mamamayang ito ay di pa gaanong sibilisado, madalas nilang silaban ang maliit na simbahan at pagkaraa'y tumatakbo patungo sa kagubatan.

Ang unang-unang simbahan dito na yari sa adobe at laryo ay itinayo noong 1781. Ito ay muling ipi-

natayo sa ilalim ng pangangasiwa ni Reb. Padre Atanacio Argebiejo. Ayon sa ilang matatanda na anila'y ito ang ibinibida ng kanilang mga ninuno na ang pagkakagawang muli ng simbahang ito ay sa pamamagitan ng sapilitang pagtatrabaho ng mga mamamayan sa pangangasiwa ni Ana Kalang. Ang mga lalaki raw noon ay pinahanay mula sa kasalukuyang kinatatayuan ngayon ng simbahan hanggang sa nayon ng Tipacan na siyang pinagkunan ng mga tinitipakan ng adobe. Ang mga adobe daw na ito ay ipinapase o ipinag-aabut-abutan hanggang sa makarating sa simbahan. Nang mayari na ang simbahan, sinasabing hindi makapagmisa ang pari araw-araw hanggang hindi nakikita si Ana Kalang na nasa loob na ng simbahan. Ang babae raw na ito ay lagi nang may salakot na ginto at bago simulan ang misa ay inilalagay muna sa altar. Sang-ayon pa rin sa mga pasalin-saling salaysay ng mga matatanda, mayroon daw daan mula sa likod ng altar patungo sa sementeryong katoliko na nasa ilalim ng lupa. Madalas daw kapag ang pari'y nagtutungo sa sementeryo dito siya nagdaraan.

Dahil nagawa ni Ana Kalang sa mga pari, ang bayang ito, ay ipinangalan sa kanya at ang pangalang ito ay iniukit sa likod ng altar at magpahanggang ngayon ay naaaninag pa ito. Sa pakikipagtulungan ni

Ana Kalang ay hindi natagalan at naging madali ang pagpapabinyag sa mga mamamayan. Sila'y tinuruang magtanim upang maparami ang kanilang ani. Nagtayo rin ng mga paaralan at tinuruan ang mga mamamayan ng pagbasa at pagsulat na relihiyon ang pangunahing layunin.

STOP HERE

MAHALAGANG BAGAY NA DAPAT MALAMAN SA BAYAN NG NAGCARLAN

Pangalan - - - - - - - - Nagcarlan
Lawak ng Lupain - - - 80,000 HA.
Populasyon - - - - - - 27,495
Uri ng Munisipyo - - - 5th class
Bilang ng Baryo - - - 49

MGA PAMUNUAN NG BAYAN NOONG PANAHON NG KASTILA (Spanish Regime)

Juan Tubino - - - - - - 1870
Manuel Lucido - - - - - 1871-72
Urbano Monserrat - - - 1873
Eulogio Tuico - - - - 1874
Martin Artiaga - - - - 1875-76
Vicente Suiza - - - - 1877-78
Manuel Lucido - - - - 1879
Eulogio Tuico - - - - 1881-82
Marcos Bueno - - - - - 1883
Andres Suiza - - - - - 1884-85
Feliciano Ruperez - - 1886-88
Martin Montañano - - - 1889-90
Manuel Lucido - - - - 1890-92
Mamerto Sotelo - - - - 1892-94
Zacarias Coronado- - - 1895-97

PANAHON NG HIMAGSIKAN (Revolutionary Period)

Juan Peñaflor - - - - 1898
Maximino Chipongian- - 1899
Romualdo Vita - - - - 1900-01

PANAHON NG AMERIKANO
(American Regime)

Juan Velasco - - - - - -
Leonardo Lucido - - - - - 1901 - bahagi
Salvador Rosales - - - - 1901 - bahagi
Ireneo Montefalcon - - - 1902-03
Francisco Montalban- - - 1904 - bahagi
Ciriaco Coronado - - - - 1904-05
Maximino Chipongian- - - 1906-07
Agripino Viriña - - - - 1908-09
Leonardo Lucido - - - - 1910-12
Valeriano Bueta - - - - 1912-16
Nemesio Esmilla - - - - 1916-19
Dominador Matienzo - - - 1919-28
Candido Cariaga - - - - 1928-31
Nemesio Esmilla - - - - 1931-34
1934-37

REPUBLIKA NG PILIPINAS
(Republic)

Esteban Veridiano- - - - 1948-51
Jose T. Coronado - - - - 1952-55
Jose T. Coronado - - - - 1956-59
Jose C. Lirio - - - - - 1960-63
Jose T. Coronado - - - - 1964-67
Jose C. Lirio - - - - - 1968-71
Crisostomo P. Manalang - 1972 - hanggang sa kasalukuyan

ALAMAT NG MGA NAYON SA NAGCARLAN

ALAMAT NG BALINACON

Noong unang panahon ang pook na ito ay kagubatan. Mayroon lamang kaunting linang sa kabilang pampang ng ilog. Itong linang na ito ay pag-aari ng mag-asawang ang pangalan ay Ciriaco at Angelina. Ang tawag ng babae sa kanyang mahal na asawa ay Akong.

Araw-araw ang mag-asawang Akong at Angelina ay pumupunta sa kabilang pampang upang magtrabaho sa linang. Sila ay tumatawid ng tubig. Upang sila ay hindi mabasa ay nilagyan ni Akong ng isang kawayan upang kanilang tawiran papunta sa kanilang linang.

Isang araw ang mag-asawa ay pauwi na pagkatapos ng maghapong gawa sa linang. Si Angelina ang unang tumawid sa tulay na kawayan at hihintayin naman niya si Akong sa kabila. Nang si Akong ang tumatawid sa tulay, ang kawayan ay nabali. Narinig ni Angelina ang lagitik, kaya malakas na sumigaw, "Bali na Akong, bali na Akong, bumalik ka na". Narinig ng mga tao ang hiyaw ni Angelina, at simula noon ay tinawag na ang pook na yaon ng Balinacon.

ALAMAT NG SILANGANG ILAYA

Noong unang panahon na may ilang daang taon na ang nakalilipas ay may mga kastila na nanirahan dito sa bayan ng Nagcarlan, na pinamumunuan ni Donya Ana Kalang. Sapagkat si Donya Ana Kalang ang siyang namumuno kung kayat siya ay sinuyo ng mga Kastila upang magpatayo ng simbahan. Kung kayat sa tuwina'y maraming kasamang sundalo si Donya Ana Kalang upang pangasiwaan ang naturang pagpapagawa ng simbahan.

Palibhasa, nang mga panahong iyon ay magubat pa ang ilayang bayan ng Nagcarlan kung kayat madalang pa ang mga taong napapadako roon. Subalit minsang hapon, may isang sundalo, sa pangalang Silang Franco ang nangahas mamasyal sa dakong ilaya ng bayan. Sapagkat itong si Silang ay hindi pa sanay sa landas na tinatahak kung kayat siya'y naligaw nang pabalik na sa bayan. Sa kanyang kinalalakad ay may natanawan siyang isang kubong may ilaw. Labis ang kanyang katuwaan sa pag-aakalang malapit na siya sa bayan. Lalo siyang nagtumuling nang paglakad, ngunit laki ang kanyang pagkamangha nang mabatid niyang isa lamang palang maliit na kubo sa gitna ng bukid ang kanyang narating. Palibhasay madilim na at wala nang panahon upang hanapin ang landas patungo sa bayan kung kayat napilitan siyang magpatao-po sa may-ari ng kubo. May magandang kalooban pala naman ang may-ari ng kubo kung kayat kahit hindi siya kilala ay siya'y pinatuloy.

Napag-alaman ni Silang na mamag-ina ang naninirahan sa kubo na ang anak na dalaga ay nagngangalang Elya. Matapos siyang makapaghapunan ay nagkakwentuhan sila ni Elya hanggang sa magkahulihan ang dalawa ng loob.

Doon nagsimula ang maganda nilang pagtitinginan, hanggang mauwi sa matamis na pag-iibigan at nagpatuloy sa kasalan. Ang mag-asawa ay doon na rin nanirahan hanggang sa mapabantog ang matamis nilang pagsasamahan. Palibhasay ang mga Kastila ay hindi sanay magsalita ng Tagalog kung kayat ang pangalang Silang at Elya ay nauwi sa Silangang Ilaya. Dito nagsimula ang alamat ng Silangang Ilaya.

ALAMAT NG ABO

Noong unang panahon ay may isang mag-asawahang naninirahan sa isang malapalasyong tahanan sa labas ng bayan. Ang mag-asawang ito na nagngangalang Asiong at Tekla ay siyang pinakamayaman sa lugal na iyon. Bukod sa kanilang tahanan ay may malawak pa silang tubigan at niyugan na pinagtatrabahuhan ng maraming tao. Sila ay mabait at mapagbigay sa kanilang kapuwa, kayat sila ay minamahal at labis na iginalang ng mga tao roon.

Tuwing pista at mga araw ng pangilin ang lahat ng tao ay malugod na inaanyayahan at pinipiging sa kanilang malapalasyong tahanan. Ang mag-asawang ito ay napabantog sa buong nayon dahil sa kanilang

kabaitan at kagandahang-loob. Hindi lamang ito kundi ang kanilang pagkamaawain at pagkamatulungin sa mga dahop at hikahos.

Isang araw ang mag-asawa ay kinumbida ng isang kamag-anak sa kalapit bayan, kayat sila ay umalis ng mga ilang araw.

Ngunit sa kasamaang palad, samantalang sila'y wala, nagkaroon ng isang malaking sunog na tumupok sa kanilang magandang tahanan. Anumang gawing pagpatay ng mga tao sa apoy ay nawalang saysay. Ang malungkot na balita ay nakarating sa mag-asawa, kayat sila'y napilitang umuwi.

Nang sila'y dumating sa kanila, walang unang namutawi sa kanilang mga labi kundi ang salitang "ABO". Magmula noon, tinawag ng "Abo" ang lugal na iyon bilang alaala sa malapalasyong tahanan nakatirik doon.

ALAMAT NG KABUBUHAYAN

Noong unang panahon bago pa dumating ang mga tao nang naninirahan sa mga nayon. Ang mga tao ay nawiwiling tumira sa isang pook na nakapagbibigay sa bawat isa ng kasiyahan at kaginhawahan. Sapagkat noon ay wala pang nag-aari ng malawak na lupain kayat ang mga tao ay sa mahusay na pook tumira.

Sa labak ng isang bangin ay may mga taong lapit-lapit ang bahay. Ang mga taong ito'y may tinuringang kanilang puno sa pook na iyon. Ang mga ito ay nasiyahan sa pagtira sapagkat may dalawang bukal sa tabi ng bangin. Sila ay may pagkakasundo kayat ang mga bukal ay sinikap nilang gawing kukunan ng lahat ng kanilang pangangailangan. Ang isa ay ginawang balong labahan at ang isa ay pinadaloy na kukunan ng inumin ng lahat. Maingat na maingat nilang inaalagaan sapagkat wala silang kukunan ng tubig liban dito kundi dalawang ilog na ang isa ay sa itaas ng bangin na may isang kilometro ang layo at ang isa ay sa kanluran na totoong malayo. Ang pook na ito ay may daang nayon na ang isa sa mga bukal ay tabi ng daanan kung kayat ang lahat ng taga ibang pook ay hindi lumalampas kundi iinum sa bukal na ito. Ang marami daw sa mga may sakit na nakainom ng tubig dito ay hindi na naitutuloy ng bayan at umiigi na, kayat ang pook ay binigyan ng pangalang "Kabubuhayan".

ALAMAT NG PUTOL

Noong unang panahon ay may pag-asawahan na magkapitbahay sa isang maliit na nayon. Ang pagitan ng magkapitbahay na ito ay isang tulay na matibay.

Isang araw ay nagkagalit ang magkapitbahay na ito dahil sa panibugho. Ang bawat isa sa kanila ay pinagbabawalang tumawid sa tulat na iyon, kayat ang ginawa nila ay pinutol ang tulay. Mula noon ang pook na iyon ay tinawag na nayon ng Putol, sakop ng bayan ng Nagcarlan.

ALAMAT NG BUHANGINAN

Ang Buhanginan ay isa sa mga nayong maliit na hangganan ng Kabubuhayan, Banca-Banca, Kalumpang at San Isidro. Sa nayong ito ay iilan ang tumitira. Walang maraming bahay na lapit-lapit kayat ang makadarating dito'y aakalaing hindi ito nayon.

Sang-ayon sa matatanda ang nayong ito ay pook na dati'y daan ng malaking ilog. Ang kalapit nitong nayon ng Kalumpang ay daan din ng ilog. Ayon sa mga tao dito, mayroon daw dumaang malakas na baha, kayat sa lakas ng tubig ay nag-iba ng daan. Ang agos ng ilog ay nagpasilangan, kayat dito'y naiwan ang malawak na lupang buhanginan. Ang pook na ito ay hindi agad tinirahan ng tao. Ilang baha muli ang dumaan hanggang sa lumawak ng lumawak ang lupang naiwan ng ilog.

Sa katagalan ng panahon, ang pook na ito ay tinubuan ng mga kahoy at iba't ibang halaman. Nakita ng mga tao na ang ilog ay hindi na muling babalik sa dati niyang landas kayat tinirahan na ng mga tao at ito'y naging nayong tinawag na "Buhanginan" sapagkat ang buong nayon ay mabuhangin.

ALAMAT NG SIBULAN

Sa isang nayong may kalayuan sa kabayanan ay may nandayuhan isang mistisong Kastila. Iyon ay si Bernabe Esmerna. Dumating siya rito kasama ang iba pang mga katutubo. Sa kabutihang-palad siya ang napiling maging unang mamumuno o kabesa de barangay. Ilan pang namuno ang dumating doon at namuhay nang matiwasay. Napansin ito ng isa sa pinakamatanda roon at sinabi niyang "Itong nayong ito ang sibulan ng mga may mahal na dugo at mga maharlika". Sa hinaba-haba ng panahon napagsalin-salin ng mga tao ang salita at ang paksang <u>Sibulan ng mga may dugong mahal at mga dayuhan</u>. Magmula noon, tinagurian na nila iyong SIBULAN na nangangahulugan ng pinagbuhatan o pinanggalingan.

ALAMAT NG BANCA-BANCA

Sa isang malayong pook ay may isang maliit na nayon na nakasalikop sa bayan ng Pila. Ang mga tao rito ay libang sa pangangahoy at pagputol ng mga puno. Ang mga iyon ay ginagawa nilang mga bangka at ipinagbibili. Dahil dito, ang kanilang kabuhayan ay unti-unting umunlad. Nakapagpagawa sila ng kani-kanilang tahanan at naging maayos ang pamumuhay.

Isang araw, isang mamimiling dayuhan ang biglang dumating. Laking gulat niya nang mapagmasdan ang napakaraming bangkang nakahanay sa kanayunan. Bawat bahay ay may kani-kaniyang ginagawang bangka sa kanilang harapan. Saan man tumingin ang nasabing dayuhan ay nakakakita ng bangka, kung kayat nasambit na lamang niya'y BANCA-BANCA na ang ibig sabihin ay bangka rine, bangka roon at bangka kahit saan pumaroon. Magmula noon, ang nayong iyon ay tinaguriang BANCA-BANCA.

ALAMAT NG BUBOY

Ang nayong ito ng Buboy ay isa sa mga nayon ng Nagcarlan. Ang Nagcarlan noon ay hindi pa maayos at maunlad. Ang mga tao ay hindi pa sibilisado at edu-

kado. Sinasabi na dito raw sa bayang ito ay mayroong isang lugar na napapalibutan ng iba't ibang mga punongkahoy. Mayroon ditong mga puno ng niyog na siyang ikinabubuhay ng mga tao. Ito ay kanilang iniluluwas at ipinagpapalit ng anumang mga pangangailangan nila. Dahilan sa iyon ang kanilang ikinabubuhay naisipan ng mga tao na doon na sila magtayo ng bahay. Ang lugar na ito ay kanilang nilinis. Sa kanilang paglilinis napansin nila na may isang naiibang punongkahoy. Hindi lamang sa iisang lugar tumubo ang punongkahoy na ito, kundi sa iba't ibang lugar. Tinawag nila ang punong iyon ng Buboy.

Minsan ay may dumating na Kastila at itinanong ang pangalan ng lugar na iyon. Ang pinagtanungan ay di nakaapuhap ng salita at ang naisagot ay Buboy, buhat sa pangalan ng kakaibang punongkahoy na iyon. Magmula noon ang nayon ay nakilala sa tawag na "Buboy".

ALAMAT NG SAN FRANCISCO

Lahat ng bagay ay may makulay na kasaysayan at ang nayon ng San Francisco ay mayroon ding kanyang pinagmulan.

Ayon sa matandang kasaysayan ang Kanlurang Napapatid at Silangang Napapatid ay galing sa isang malaking nayon na kung tawagin ay Silan.

Noon ay panahon ng mga Kastila at naisip nila na ang nayon ng Silan ay totoong malaki kaya kanila itong hinati. Ang Napapatid ay binigyan nila ng kahulugang nahati.

Mayroon silang paniwala na ang lupa doon ay nahahati sa baha-bahagi na pinagdugtung-dugtong ng mumunting ilog at sapa kaya pinanganlang Napapatid ang lugar na ito. Ikinabit nila sa Napapatid ang mga salitang Kanluran at Silangan.

Sa pagdaan ng panahon, ang mga tao ay natutong malapit sa Diyos at napagkaisahan nila na ang Kanlurang Napapatid ay tawagin nang San Francisco na buhat sa kanilang patron na si San Francisco de Asis. Simula noon hanggang ngayon ito ay nakilala sa tagu-ring ito.

ALAMAT NG BALIMBING

Ang mga tao sa buong Laguna ay hindi nakaligtas sa mga kalupitan at kabagsikan ng mga Kastila. Dito sa Nagcarlan, ang mga taong hindi makatiis sa gayong mga kalupitan ay nagsikilos upang lumikas sa

mga kabundukan ng Banahaw at ng San Kristobal. Itong mga hindi nasisiyahan sa pamamalakad ng mga Kastila ay nagsamasama sa ilalim ng pamumuno ni Kapitang Balid. Sila ay lumikha ng di-kakaunting ligalig sa mga Kastila.

Nang mabatid ni Kapitang Balid ang tungkol sa Katipunan siya at ang kanyang mga tauhan ay naganyak na sumapi sa kapisanang ito. Ang mga tauhan ay naganyak na sumapi sa kapisanang ito. Ang mga tauhan ni Kapitang Balid na kasapi sa Katipunan ay malimit na sa may puno ng balimbing magdaos ng pulong. Lahat ng kanilang mga hakbangin laban sa mga Kastila ay doon pinag-uusapan.

Kung sakalit may mga nagnanais na sumapi sa kanilang kapisanan ay doon din sa puno ng balimbing dinadala. Kayat halos lahat ng mga gawain nila ay doon pinagkakaisahan sa ilalim ng puno ng balimbing. Nang malaunan ay napagkaisahang tawagin ang lugar na yaon ng "BALIMBING" na hanggang sa ngayon ay taglay pa ng nayong ito.

ALAMAT NG MGA NAYON NG BUNGA, BALAYONG AT BAYAKITOS

Noong unang panahon ay may isang pook na kung saan napakarami ang mga puno ng bunga kaya ito ay

tinawag na nayon ng Bunga. Ang tumitira rito ay isang malaking tribo ng mga tao at tinawag na isang barangay. Mapayapa at matahimik ang kanilang pamumuhay. Dahil sa kalakihan ng barangay na ito, hinati ito at tinawag na Silangang Bunga at Kanlurang Bunga.

Nagbago ang bigkis ng pagkakaisa ng mga tao at dumating ang mga Kastila. Napansin ng mga Kastila na ang mga tao ay naiipon sa gitna ng pook na ito kaya inutusan silang maghiwa-hiwalay ng tirahan. Lubhang makapangyarihan ang mga Kastila kaya ang mga tao ay lubos na nagsisunod. Nagkawatak-watak sila at napapunta sa iba't ibang lugar sa pook na ito.

Ang isang pangkat ay napapunta sa isang lugar na kahuyan na may natatanging punongkahoy na malaki na kung tawagin ay balayong kaya dito nila hinango ang pangalan ng nayon ng Balayong.

Ang isa namang pangkat ay napapunta sa isang madamong lugar. Napansin nila na marami ritong halaman na ang katawan ay matinik at mapupula ang bunga na kung tawagin ay sampinit. Ang mga Kastila ay nanguha ng mga sampinit at tinawag nilang <u>baya</u> na sa wikang Ingles ay <u>berry</u>. Dahil dito Bayakitos ang itinawag nila sa pook na ito, hango sa salitang <u>baya</u> o sampinit.

Ang isang pangkat ng mga tao ay napapunta sa pook na kalapit ang isang malaking ilog. Ang ilog na ito ay mayroong malalapad na mga bato na pinagtipakan ng mga batong ginamit sa paggawa ng simbahan. Tinawag nila itong Tipacan.

Ang ibang pangkat ng mga tao ay hindi na umalis sa pook ng Bunga at ang mga karatig nayon nito ay Balayong at Bayakitos.

ALAMAT NG MGA NAYON NG ALUMBRADO TALAHIB AT SULSUGIN

Ang Nagcarlan ay isa sa matatandang bayan sa Laguna kagaya ng matatagpuan sa pinagmulang kasaysayan. Ang mga nagsisipanirahan dito ay tinatawag na Malaya na mga nagsipandayuhan sa Pilipinas sa pangunguna ni Datu Puti. Isang pangkat o barangay ang sumadsad sa Sta. Cruz at ang mga nalabi'y nagpatuloy hanggang Batangas na sa tubig nagdaan. Ang mga kabilang sa barangay na ito ay nagkahiwa-hiwalay at nagkawatak-watak sa buong lalawigan ng Laguna.

Ang mga Malaya ay nag-aangkin ng higit na mataas na antas ng kultura o kaparaanan sa pamumuhay kaysa sa mga unang tao ng ating bayan. Sila ang nagdala ng mga pananim na tulad ng niyog, kape, saging, kakaw at mangga. Gumawa ng mga bahay na may

mga haligi, bubong, sahig at dinding. Nag-alaga ng mga kabayo, kalabaw, baka, manok at baboy. Matahimik silang namuhay bago pa man sumalta ang mga Kastila sa Pilipinas.

Ang mga nayong binubuo ng Maiit, Sabang, Alumbrado, Talahib at Sulsuguin ay dating pinangalanang Talahib. Ang tawag sa nayon ng Palayan ay di na binago dahilan sa kinalalagyan at sa tayo ng kapamuhayan. Ang mga tubigan sa Palayan, sangayon sa matatanda ay kapanahon pa noong bago pa dumating ang mga Kastila.

Ang pagdating ng mga Kastila ay nakapagpabago sa sinaunang Talahib. Sa panahon ng kanilang pananakop ay pinagpapalitan ng mga Kastila at binansagan ng mga bagong pangalan at pinagbibinyagan ang mga katutubo. Inangkin nila ang pook na ito at sa panahong ito'y ibinabatay ng mga kawal kastila sa pangyayari ang pagpapangalan sa mga lugar. May isang pangyayaring ang mga sundalong Kastila ay naligaw sa kanilang landas at upang marating ang bayan ay namaybay sila sa may sapa gaya ng turo sa kanila ng mga taga roon. Binansagan nila ang pinanggalingang pook na Sulsuguin. Ang Sulsuguin ay isang katagang Tagalog na ang kahuluga'y sundan o hanapin.

Sa isa pang pangyayari, ang mga Kastila'y ina-

bot ng gabi sa isang pook. Nagsindi sila ng mga sulong de langis upang makita ang daraanan. Tinawag nilang Alumbrado ang lugar na iyon na hango sa salitang Kastilang "Alumbrar" na ibig sabihi'y tanglawan o ilawan.

ALAMAT NG NAYON NG TALANGAN

Paanong ang isang lunan ay nagkaroon ng pangalan? Ano ang naging batayan ng mga tao sa pagbibigay ng pangalan sa lunan na kanyang pinamayanan? Katulad ng alin pa mang nayon, ang Talangan ay hinabi ang pangalan buhat sa isang alamat at sa pasalin-saling kuwento ng mga naunang nanirahan dito at maging sa mga matatandang nabubuhay pa ngayon.

Ayon sa kuwento ng matatanda noong mga unang panahon ang nayong ito ay kilala sa tawag na Inlulupis, dahilan sa dalawang ilog na may gayong pangalan. May kadalangan ang mga taong noo'y naninirahan dito, subalit matiwasay naman ang pamumuhay nila.

Ang katiwasayang ito ay nalambungan ng sindak at pagsasalat nang magkaroon ng digmaan. Namayani ang pagpapatayan at nabulabog pati na ang tahimik na pamumuhay ng mga mamamayan. Upang may maipag-

agdong buhay dala ng kawalan, ang mga mamamayan mula sa mga karatig-pook ng nayong Talangan ay nagkaisip na magbiyahe ng mga kalakal. Ang sentro ng negosyo ay ang bayan na ngayon ay Pila at Sta. Cruz. Sapagkat nang mga panahong yaon ay walang sasakyan kaya ang mga tao ay naglalakad o dili kaya ay nangangabayo. Sila ay dumaraan sa nayong ito. Maluwalhati silang nakapagyayao't dito. Ngunit ang kapanatagan ng loob ng mga magdaraan dito ay nahalinhan ng pagkatakot nang sa nayong ito ay may nagkutang mga tulisan. Pinagkatakutan ang pagdaraan dito mula noon, pagkat bawat magdaan dito o mapaligaw sa lugar na ito ay hinaharang ng mga tulisan at pinupugutan ng ulo. Ang ulong pinugot ay buong katuwaang ihahagis pataas o itatalang ng tulisang namugot. Buhat noon, hanggang sa matapos ang digmaan ang nayong ito ay kinilala at napatanyag sa tawag na Talangan na nagmula sa salitang <u>itinatalang</u> o <u>talangan</u> ng mga pugot na ulo.

ALAMAT NG BANAGO

Ang Banago ay kagaya rin ng ibang nayon sa Pilipinas na mayroong makasaysayang panimula.

Ilang tao lamang naman ang namamalita tungkol sa pinanggalingan ng pangalan na di umano ang pook na ito ay punung-puno ng mga punongkahoy na animo'y munting kagubatan. Ang karamihan sa mga punongkahoy na ito ay tinatawag na Banago.

Ang kaunaunahang mag-anak na naninirahan dito ay pinamumunuan ng tinatawag na Cabeza.

Lumipas ang ilang panahon, dumarami na ang mga tao sa pook na ito. Ang mga punongkahoy ay pinuputol upang pagtayuan ng mga bahay. Marami na ang mga taong naninirahan sa pook na ito hanggang isang araw ay may napadaang isang Kastila at itinatanong kung ano ang tawag sa pook na ito. Hindi marunong ng salitang Espanyol ang Cabeza at ang akala ay ang itinatanong ay ang punongkahoy na malapit sa kanila. Ang sagot ng Cabeza ay Banago.

Simula noon ang lugar na ito ay tinawag na Banago.

ALAMAT NG NAYON NG TIPACAN

Ayon sa ulat ng matatanda, noong unang panahon ang nayong Tipacan ay walang tiyak na pangalan. Ang kasaysayan ng pagkakaroon nito ng pa-

ngalan ay naganap nang di inaasahan.

Sa lugar na iyon ay maraming taong naninirahan na karamihan ay mga magsasaka. Ang kanilang ikinabubuhay ay nagmumula sa bukid na kanilang nililinang. Sa isang panig ng pook na ito ay may isang batis na maraming malalaking bato. Malaking tulong para sa mga naninirahan dito ang naturang batis. Iyon ay nagsisilbing labanan, paliguan at kung minsan ay kanilang pangisdaan.

Sa gayong kaparaanan sila nabubuhay. Hanggang sa isang araw ang mga tao ay biglang nangapamulagat at di naikubli ang paghanga nang sila ay dalawin ng isang napakaganda at mayamang babae. Mabait at bukas-palad sa pagtulong sa mga taong nangangailangan ang naturang babae.

Nabanggit niya sa mga taong nakadaupang-palad na nais niyang magpatayo ng simbahan sa kabayanan pagkat ang bayan nating ito noon ay wala pang simbahan. Sinabi din niyang siya ang sasagot sa lahat ng magugugol.

Pinasimulan ang pagpapatayo ng simbahan at ayon sa matatanda ang mga batong ibinuo sa ating simbahan ay nagbuhat sa batis na ngayon ay Tipacan. Pinagtitipak nila ang naglalakihang bato. Ang pinagtayuan ng simbahan at ang pinagkunan ng

mga bato ay lubhang napakalayo, subalit iyon ay hindi naging sagabal para sa mga mamamayan. Sa pamamagitan ng kanilang ginawang hanay na napakahaba at pag-aabutan naging tagumpay ang pagpapatayo ng simbahan. Di gagaanong hirap ang nalasap ng mga tao, ngunit masigla silang nagsipagtrabaho.

Utang natin sa kanila na ating mga ninuno ang pagkakaroon ng simbahan gayon din naman sa may ginintuang-pusong si Ana Kalang. Sa makasaysayang paghihirap ng mga tao at mula sa kanilang pagtitipak ng malalaking bato hinugot at binuo ang pangalang TIPACAN.

ALAMAT NG PALAYAN

Noong unang panahon sa dakong kanluran ng bayan ng Nagcarlan ay may dalawang sapa. Sa pag-itan ng dalawang sapa ay mga kalawakan at kapatagang lupa. Ito ay binulta at ginawang tubigan o taniman ng palay. Sang-ayon sa ating mga ninuno ang dalawang sapang ito ang siyang pinanggalingan ng tubig sa tubigan. Ang tawag sa nayon ng Palayan ay di na binago dahilan sa kinalalagyan ng tayo ng kapamuhayan. Ang tubigan sa Palayan ay kapanahon

pa noong bago pa man dumating ang mga Kastila. Maraming palay ang naani sa tubigan kaya ang lugar na "Palayan" ay may kahulugan isang lugar na maraming palay.

ALAMAT NG STA. LUCIA

Humigit-kumulang ay mga dalawang daang taon na ang nakalilipas nang ang maliit na nayong ito na kung tawagin ay Sta. Lucia ay wala pang tiyak na pangalan. Ang nayong ito ay mayroong limang kilometro ang layo sa bayan ng Nagcarlan. Noong panahong iyon ay mga pito hanggang sampung pamilya pa lamang ang naninirahan sa nayong ito. Ang mga naninirahan dito noon ay pawang masasaya dahilan sa masaganang ani ng kanilang palayan, niyugan, gulayan at mga hayupan. Anupat maligaya silang nabubuhay sa araw-araw hanggang sumapit ang isang araw na hindi nila inaasahan na magkaroon ng sakit na lumaganap sa maliit na nayong ito na hindi kayang pagalingin ng mga manggagamot na Kastila at ng ilang mga albularyo. Marami ang naratay sa banig ng karamdaman. Ang ilan ay nangamatay kaya halos nawalan na ng pag-asa ang ilang nalalabing naninirahan dito na gumaling pa

ang mga maysakit.

Isang araw ay bigla na lamang sumipot ang isang babaing balangkinitan ang pangangatawan na di lubhang kataasan, matangos ang ilong, may matang parang nangungusap na kung pagmamasdan mong mabuti ay mapagwawari mong isang banyaga. Ang babaing ito ay siyang naging lunas sa mga karamdaman ng mga taong maysakit lalo na iyong mga taong lumalabo ang mata at nabubulag. Ang babaing ito ay nakilala sa pangalang Lucia. Siya ay nanirahan sa maliit na nayong ito na malapit sa isang sapa.

Hindi nagtagal at ang karamdaman ng mga tagarito ay biglang napawi. Ang ilang mga naninirahan sa mga kanugnog pook ay nakabalita sa mapaghimalang panggagamot ni Lucia, kaya ang kanyang pangalan ay naging bukang-bibig ng maraming tao dahil sa kahusayan niyang gumamot. Ang bagay na iyon ay di nakaila sa ilang manggagamot na Kastila sa bayan ng Nagcarlan.

Humina ang panggagamot ng mga manggagamot na Kastila dahil sa kabutihan ng paraang ginagawa ni Lucia at ang higit sa lahat ay ang di nito pagsingil ng bayad. Naging dahilan ito ng pagkagalit ng ilang manggagamot na Kastila kay Lucia. Ipina-

dakip ito sa Guardia Civil at pinaratangan ng panggagamot ng walang pahintulot ng pamahalaang kastila. Si Lucia ay nangatwiran at sinabi niyang ang ginagawa niya ay isang pagtulong lamang sa mga mahihirap na tao subalit ito'y hindi pinakinggan ng mga kastila at sa halip ay dinakip siya ng mga may kapangyarihan at siya ay ikinulong sa piitan.

Isang araw ay natagpuan na lamang at sukat ang bangkay ni Lucia sa loob ng piitan na dukit ang dalawang mata at putol ang dila. Mula noon bilang pagdakila sa kabutihan ng mga nagawa ng babaing ito, ang maliit na nayong ito ay pinangalanang Sta. Lucia.

ALAMAT NG YUKOS

Bago pa dumating sa Pilipinas ang mga Kastila, ang pook ng Yukos ay pinaninirahan nang mga tao. Ang nayong ito ay naliligid ng tubigan. May mga niyog at iba pang halamang tanim ang mga tao noon. Madalang ang mga bahay sa pook na ito sapagkat karaniway naninirahan sa bayan. Ang mga taong nagtitira at nagpupunta rito ay nagtatanim o nagaani ng palay kung kayat lagi-lagi na lamang

natatanaw na nakayuko. Nang dumating ang mga Kastila ay wala pa ring pangalan ang pook na ito kung kayat tinawag na Yuko sa ayos ng mga taong gumagawa at diumano'y huni ng ibon na laging narinig ng mga tao ay "yuko-yuko."

Kung paano natawag itong Yukos na may dagdag na s sa huli ay sa panahon na ng mga insurektos. Tulad ng mga sabi ng mga matatanda ay may mga insurektors at Katipunero rin sa ating bayan. Nang minsang may hinahabol na mga insurektos ang mga kawal na Kastila, ay may pangkat na nagbuhat sa Ilog sa San Pablo, may pangkat na nagmula sa may Calauan at may nanggaling sa Santa Cruz. Sa layo ng nilakad ng mga kawal na Kastila ay sa Yuko sila nagkatagpu-tagpo. Napaligiran nila ang Yuko na ayon sa mga tao'y nayukos na ang nayon. Kung natagpuan o hindi ang hinahabol o naitago ng mga taga Yuko ay walang makasabi. Bilang ganti sa pangyayari ay ang pangalang Yuko na nangangahulugan ng pagpapakumbaba at paggalang ay naging Yukos na ibig sabihin ay nabilog o napaligiran.

Nang ang bansa ay magsarili at umiral na ang pambansang wika, karaniwang isinusulat ng mga guro at mag-aaral ay ang pangalang Yukos.

ALAMAT NG SABANG

Mga tatlong kilometro mula sa bayan ng Nagcarlan sa paglampas ng nayon ng Palayan ay may isang nayong tinatawag na Sabang. Ang nayong ito'y madadaanan paglampas ng tubig at dinadaanan patungo sa nayon ng Alumbrado.

Noong panahon ng mga Kastila, ang mga ito'y nangangalap ng mga bibinyagang mga tao upang maging ganap na Kristiyano. Ang ilan sa mga taong ito'y ayaw pabinyag kayat sila'y nagsipagtago sa isang lugar. Ang ibang taong nahuli ay napasangayong pabinyag at ang iba naman ay hindi. Ang ilang taong hindi napabinyag ay pinarusahan at tinawag ng mga Kastila na El Loco, bilang kaparusahan sa mga taong hindi bininyagan na ang kahulugan ay mga loko. Ang mga taong naninirahan doon ay hindi nasiyahan sa ganoong pangalan kung kayat pinalitan at kinuha ang pangalan ng isang batis na ang pangalan ay Sabang. Ang Sabang ay pangalan ng dalawang batis. Ang salitang Sabang ay kinuha sa salitang Tagalog na Sabangan na ang kahulugan ay nagtagpo sa iisang lugar.

Hanggang sa ngayon sa nayon ng Sabang ay makikita pa ang dalawang batis na nagtagpo.

ALAMAT NG MAIIT

Sinasabing noong unang panahon ang mga nayon ng Maiit, Sabang, Alumbrado, Sulsuguin at Talahib ay isang nayon at ito ay ang Talahib. Ngunit sa pagdating ng mga Kastila sa Pilipinas ay nagkaroon ng malaking pagbabago sa mga lugar na ito. Ang nayon ng Talahib ay napaghati-hati at ito na nga ay yaong mga nayong nabanggit sa una.

Noong unang panahon ang mga Kastila ay nangangalap ng mga tao na kanilang bibinyagan. Kaya sila ay nagtutungo sa iba't ibang pook upang mapalaganap nila ang relihiyong Kristiyano. Sila ay nakarating sa isang nayon na napalilibutan ng mga ilog. Napansin nila na ang lugar ay may maliit na lupain na napagtatanman ng mga tao dahilan nga sa mga ilog na ito. Sa pagpapalitan ng mga tanong ay napadako ang pansin ng mga Kastila sa isang sapa. Nakita nila na ito ay may malinaw na tubig, na kaaya-aya upang mapagpaliguan. Kaya ang mga Kastila ay nagkatuwaang lumusong sa sapang iyon. Sila ay masasayang nagsipagpaliguan habang pinanunuod naman ng mga taong nayon. Di kaginsa-ginsa'y isang Kastila ang nagtanong kung ano ang ngalan ng nasabing sapa. Isang taong nayon ang sumigaw at

at sinabing ang ilog na yaon ay Sapa ng Maiit. Nagsigawan ang mga Kastila at sinabi nilang Maiit, Maiit. Mula noon tuwing magkakagustong maligo ang mga Kastila pumupunta sila sa Sapa ng Maiit. Hanggang sa pati na ang nayon ay tinawag na nayon ng Maiit.

ALAMAT NG BAMBANG

Ang pagiging Bambang ng nayong ito na kilala ngayon sa ganitong pangalan ay katulad ng pagkakaroon gn pangalan ng mga iba-ibang lugar sa Pilipinas. Ang mga Kastila noong una ay nagbibigay ng pangalan sa mga lugar nang naaayon sa pangyayari.

Sa pook na ito raw noong una ay may isang lalaking dito naninirahan at nakikilala bilang si Juan Bamban. Sa isang pagkakataon ay may lumapit sa kanyang isang Kastila na nagtanong kung anong lugar iyon. Ang lalaki na hindi halos nakakaunawa ng salitang Kastila ay nag-akalang itinatanong ng dayuhan ang kanyang pangalan. Kayat sinabi ng lalaking siya'y si Juan Bamban. Nakahalata ang Kastila na hindi naintindihan ang ginawa niyang pagtatanong at iniba naman niya ang usapan. Inusisa

nito sa lalaki kung ano ang mga munting kanal na tinatakbuhan ng malinis na tubig at kung saan nagmumula ang mga walang tigil na agos niyon. Ang kinalalagyan nila'y napapagitan ng dalawang kanal at itinuro niya sa lalaki ang mga iyon na parang nauunawaan nito ang kanyang ibig sabihin. Nakahiwatig naman ang lalaki sa bagay na gustong malaman ng dayuhan at sinabi niyang ang mga iyon ay bambang na nagbubuhat sa mga mumunting bukal sa lupa na pinapagtagputagpo ng kalikasan. Ang paliwanagan nila'y sa pamamagitan ng mga halu-halong salita at mga muestra o senyas ng mga kamay at sa ganoon ang dalawa'y nagkaunawaan.

Nang mamaalam na ang Kastila ay paulit-ulit nitong sinambit ang salitang bambang at nang maibalita niya sa mga iba pang mga kasamahang Kastila na kung ibig ng mga itong makarating sa isang lugar na kung saan may kanal na dinadaluyan ng masagana at kumikinang na tubig ay kailangang magpunta sila sa Bambang. Upang iyon ay madali nilang matagpuan ay makabubuting ipagtanong nila ang gawing tinitirahan ng isang taong nagngangalang Juan Bamban.

Iyon na nga ang naging dahilan kung kayat pasimula noon at hanggang sa kasalukuyan ay Bambang na

ang naging katawagan sa nasabing pook na ngayo'y isa na sa mga umuunlad na nayon ng bayan ng Nagcarlan.

ALAMAT NG TAYTAY

Isang bundok na malawak, kakahuyang anong kapal
mga matsing na nangagbitin, sa baginang masusukal
mga usa'y walang tahan, araw gabi ay umaangal
naglipan pati ahas at mga sawang matatakaw.

Isang tao'y nangaso, sa libig niyang kabundukan
napadpad pati doon sa loobang kagubatan
katuwaa'y sabihin pa ng kanyang masumpungan
sa loob nitong bundok mayroong bukal at batisan

Nang siya ay dumating na sa kanilang sintang bayan
nagbalita agad-agad sa bundok na kanyusan
kapatagang anong lawak bawat sulok ay batisan
naghihintay ng maraming mga taong magbubungkal

Nang ito'y malinis na't bawat patag ay matamnan
niyong taong masisipag araw gabi'y walang tahan
masdan mo at nangagtirik nililibot ang batisan
mga dampa at mga kubong pawang yari sa kawayan

Ang panahon ay lumawig ang panahon ay tumanda
siniputan ng dalaga't nagkaroon ng binata
ang dalawa'y nagibigan bawat isa ay sumumpa
ng sumpang hanggang langit saksi pati si Bathala

Tuwing hapo'y nagtatagpo sa batisang anong linaw
ang dalaga at binatang pinagbigkis ng sintahan
kung dalaga ang mauna, ang binata'y hinihintay
kung binata ang mauna, ang dalaga'y hinihintay.

Isang hapon ang binata'y anong lungkot anong panglaw
samantalang naghihintay sa dalagang kasintahan
dumilim na't gumabi na ay di pa rin dumaratal
kaya pala nagkagayo'y iningkanto sa batisan

Nang ito ay maalaman ng binatang nagmamahal
di na rin umalis doon sa tabi nga niyong bukal
araw gabi'y nakaluhod at parating nagdarasal
naghihintay-hintay pa rin hanggang siya ay namatay

Buhat dito sa istorya, buhat doon sa alamat
ang pangalang itinawag sa nayon kong anong galak
ay tinawag ng maraming TAYTAY itong aming lugar
pati doon sa batisang anong lamig anong sarap.

- o -

Inihanda ng:

PAMBAYANG LUPON SA KULTURA

Gng. Rosa P. Manalang - - Tagapangulo
G. Rafael Monakil - - Ka-Tagapangulo
Gng. Gaspara Arcigal - - Kalihim
Gng. Isabel Benitez - - - Kagawad
Sister Salvacion - - - - Kagawad
Gng. Adela F. Lucido - - Kagawad

ALAMAT NG TAYTAY

Ang Taytay ay isang malaking nayon na nasasakupan ng bayan ng Nagcarlan. Ito ay natatagpuan sa pagitan ng bayan ng Rizal at Nagcarlan. Maunlad na nayon ang Taytay na may kumpletong paaralang elementarya.

Sinasabing noong unang panahon ang nayon ng Taytay ay isang malawak at madawag na kagubatan na maraming mababangis na hayop ang naglipana tulad ng matsing, baboy-damo, ahas at iba pa. Dahil dito kinatatakutan ng mga taong magdaan o mangahoy sa pook na ito.

Isang araw isang matapang na lalaki ang di akalaing mapadako sa kagubatan na ang layunin ay mangaso at manghuli ng baboy-damo. Sa kabutihang palad marami siyang nahuling baboy-damo. Nang katirikan ng araw ay nakaramdam siya ng matinding pagkauhaw, kayat napilitang siyang maghanap ng tubig na maiinom. Hindi naman siya nabigo sapagkat nakakita siya ng isang batis na malinis at malinaw na malinaw.

Umuwi ang lalaki sa kanilang bayan na punung-puno ng kasiyahan. Naipasiya niyang siya'y magbalik sa nasabing pook. Ibinalita niya sa kanyang

mga kababayan ang pook na kanyang pinanggalingan. Ang napagkasunduan nilang sumama sa naturang pook.

Kinabukasan isang grupo ng mga matitipunong lalaki ang masasayang nagsitungo sa kagubatan. Makalipas ang isang linggong pagtutulungan sa pagbubungkal at paglilinis ng malawak na kagubatan, ang pook ay naging malinis at kaigaigayang pagtayuan ng mga tahanan.

Hindi naglipat-buwan at maraming tahanan ang nagtayo. Ang lahat ng pamilya ng mga nagsipaglinis ng pook ay naglipat ng kani-kanilang tahanan doon. Dumami nang dumami ang mga tao at naging maunlad ang nayon. Bukod dito, matahimik at nagkaisa ang magkakanayon. Ang bawat isa'y masisipag at may kani-kaniyang lupaing binubungkal.

Nang dumating ang mga Kastila ang munting nayon ay hindi nakaligtas sa mga yapak ng mga dayuhang puti. Nabalitaan ng mga binatang Kastila na may isang magandang dalaga sa nayon. Naghandog ng pag-ibig sa dalaga ang binatang Kastila. Nang malaman ng ama ng dalaga ang pamimintuho ng Kastila sa anak, pinagbawalan ito na tanggapin ang binata sa pag-akyat ng ligaw.

"Mula ngayon ayaw ko nang makita pang umakyat sa ating pamamahay o di kaya'y mapatay ko siya" ang pagbabanta ng ama.

Dahil dito ipinaabot agad ng dalaga sa binata ang banta ng ama. Mula noon sa isang tabi na lamang ng batisan nagtatagpo ang magsing-irog. Napansin ng ama ng dalaga ang malimit na pagtutungo nito sa batisan. Kayat isang hapon, walang kamalay-malay ang dalaga na sinundan siya ng ama sa batisan. Dala ng ama ang matalim niyang gulok. Nagtago siya sa malagong halaman.

Nang ang dalaga ay dumating sa tabi ng batisan ay wala pa ang kasintahan. Hindi naglaon at dumating din ang binata. Nang lumapit na ang binata sa dalaga ang ama ay lumabas sa pinagtataguan. Hinawakan ang matalim na gulok at akmang tatagain ang binata.

"Ang mga taksil," ang galit na nasambit ng ama. Nang makita ng dalaga ang gulok ng ama ay tinangka niyang pigilin ito.

"Hintay itay, intay, taytay, tay-tay, tay-tay," ang pagpipigil ng dalaga.

Ngunit hindi pinakinggan ng ama ang pakiusap ng dalaga at ang binata ay tuluyang napatay ng matanda. Gayon na lamang ang pagdadalamhati

ng dalaga. Hindi naglaon siya'y nasiraan ng bait. Lagi niyang inuusal ang salitang tay-tay. Nanghina nang nanghina ang katawan ng dalaga hanggang sa siya'y naratay sa banig ng karamdaman. Makalipas ang ilang buwan ang dalaga'y nabalitaang namatay na binabanggit ang tay-tay. Mula noon ang nayon ay tinawag na Taytay.

ALAMAT NG ALIBUNGBUNGAN

Ang Alibungbungan ay isa sa mga nayong malapit sa bayan. Ito ay nasa ibabang-kanluran lamang ng bayan. Ang pinanggalingan ng ngalan nito ay kaugnay din ng kasaysayan ng pakikihamok ng mga Pilipino sa mga Kastila.

Nang dumating ang mga Kastila sa Nagcarlan, sila ay nagtayo ng kampo sa bayan. Pagkapagpatayo ng kampo, isang pangkat ng mga sundalo ang inatasang magsiyasat sa kapaligiran nito. May kasama silang ilang giyang Pilipino. Dahil sa hindi nasisiyahan ang mga tao sa kanilang pamumuno, ang mga sundalo ay laging handa sa anumang kagipitan sa bawat paglakad nila.

Ang pangkat ay nakarating sa nayong ito. Nakakita ang pinuno ng ilang babaing may pasang

kawayan at bigla siyang sumigaw ng fuego. Pagkarinig sa utos ng pinuno, pinaputukan ng mga sundalo ang mga babae. Natakot at nagpanakbuhan ang mga babae sa kahuyan. Naiwan nila ang mga pasan nilang kawayan. Nagtaka ang mga giyakayat itinanong sa pinuno kung bakit iniutos na paputukan ang mga babae. Ang sagot ng pinuno, sila'y mga kalaban at may pasan pang mga kanyon.

Dali-daling kinuha ng mga giya ang mga kawayan at ipinaliwanag sa mga sundalo na iyon ay mga bumbong lamang na ginagamit sa pagkuha ng tubig. Nanghilakbot ang mga sundalo nang mabatid ang kanilang pagkakamali. Mula noon, tinawag na nilang Alibungbungan ang nayong ito dahil sa mga aling may pasang bumbong.

ALAMAT NG LAZAAN

Ayon sa alamat, ang nayon ng Lazaan ay huling itinatag kaysa sa nayon ng Malinao. Sinasabi ng mga nakatatandang nakaaalam sa kasaysayan nito na ang pangalang Lazaan daw ay kinuha sa isang pangyayari. Ang pagbibigay ng pangalan o palatandaan sa isang pook, noong unang panahon, ay hango sa bagay na kanilang nakita o narinig.

Isang araw, may napansin ang mga taong nag-kukuwentuhan sa tapat ng daan. Nakita nila ang isang pangkat ng kalalakihan na tila mga dayuhan at may mga bitbit na bagay.

Di nakapagpigil ang isa sa umpukan at nag-tanong sa mga dumaraan, "Taga saan po kayo at saan ang punta ninyo?"

"Hasaan", ang sagot ng nagkariringang lalaki.

Ang nagtanong din pala ay nagkariringgan din kaya nagwika ito sa kasamahan, "Ah mga taga Lazaan pala sila".

Ang katotohanan pala kaya may mga dalang hasaan ang mga lalaking iyon ay upang ihasa nila ang mga itak nilang pumupurol sa pagputol ng mga kahoy sa kalapit na gubat ng pook na ngayon ay tinatawag na Malinao. Hinahawan nila ang pook na iyon upang panirahan. Kaya tuwing magdaraan ang pangkat ng mga lalaking ito ay sinasabi nila sa sariling mga taga Lazaan iyon.

Kaya ang pangalang Lazaan ay hango sa salitang "hasaan" isang uri ng bato na pinaghahasaan ng mga itak upang tumalim o tumalas.

Sa kasalukuyan ang Lazaan ay nahati sa dalawa at ito ang Barangay Silangang Luzon at Barangay Kanlurang Lazaan.

ALAMAT NG MALINAO

Noong panahon ng mga Kastila, sa isang pook sa labas ng bayan ng Nagcarlan, ay may isang lugal na may naninirahang ilang pamilya. Ang mga pamilyang ito ay nasisiyahang namumuhay sa lugal na ito sapagkat malapit sila sa isang bukal. Kaiba ang bukal na ito sa lahat sapagkat sa binubukalan ng tubig ay may isang malapad na bato na nananatiling malinis at parang kumikinang sa linaw ng tubig. Ang mga tao ay nasisiyahang manalamin sa tubig sa tapat ng malinaw na bato. Dahil sa ganda at linis ng bukal, ang mga tao sa kalapit pook ay dito sumasalok ng tubig na inumin. Kaya ang lugal na ito ay laging maraming tao.

Isang araw ay may napadaang mga sundalong Kastila sa pook na ito. Nakatagpo nila ang isa sa mga sumalok ng tubig sa bukal. Nakiinom ang mga sundalo at sa kanilang kauhawan ay naubos nila ang tubig sa banga. Dahil sa sarap ng dalisay na tubig ay ipinagtanong ng mga sundalo kung saan nasalok ng tubig. Isinama ng tao ang mga Kastila sa bukal at gayon na lamang ang kanilang pagkamangha nang makita nila ang isang malaking bagay sa tubig. Nagtanong ang mga Kastila kung ano ang

bagay na iyon sa tubig at ang tugon ng mga taong nadatnan doon ay batong malinaw. Nang bumalik ang mga sundalo sa bayan ay sinabi nilang galing sila sa "batong malinaw". Simula noon ang lugal na ito ay tinawag ng mga Kastila na Batong Malinao. Pagkalipas ng maraming taon ay pinangalanan ito ng mga naninirahan dito ng Malinao.

Katunayan ay makikita pa ngayon ang malapad at makinang na batong ito.

- o -

Inihanda ng:

PAMBAYANG LUPON SA KULTURA

Gng. Rosa P. Manalang - Tagapangulo
G. Rafael Monakil - - Ka-Tagapangulo
Gng. Gaspara Arcigal- - Kalihim
Gng. Isabel Benitez - - Kagawad
Sister Salvacion - - - Kagawad
Gng. Adela F. Lucido- - Kagawad

ALAMAT NG BANGKURO

Noong panahon ng Kastila bawat liblib na pook ay sinusona ng Pamahalaan ng Kastila. Bawat baryo ay may kani-kanilang pangalan. Isang pangkat ng mga sundalong Kastila ang naligaw sa isang lugar na walang pangalan. Iilan pa ang mga taong naninirahan sa pook na yaon, at ang karamihan ay hindi nakakaunawa ng salitang Kastila.

Ang mga sundalong Kastila ay nakasalubong ng dalawang lalaki na may dalang mga kahoy. Itinanong ng mga Kastila kung ano ang pangalan ng pook na yaon. Ang akala ng dalawang taga-nayon ay itinatanong kung ano ang dala nilang kahoy kaya ang naisagot nila ay Bangcuro ang dala nilang kahoy. Kaya magmula noon ay tinawag ng Bangkuro ang nayong ito.

ALAMAT NG LABANGAN

Noong bago pa dito sa Pilipinas ang mga Kastila ay iilan pa ang matatawag na bayan, at iilan pa rin ang maibibilang na mga nayon. Ang nayon ng Labangan ay isang pook pa noon na halos ay ka-

kaunti pa ang naninirahan. Humigit kumulang sa siyam o sampung pamilya ang naninirahan sa pook na iyon. Masaya silang nabubuhay sapgkat sagana sa mga bungangkahoy at iba pang pagkain. Sa kabila ng kanilang masaganang pamumuhay di nila alam ang pangalan ng pook na kanilang tinitigilan.

Lumipas ang ilang taon at ang pook na ito ay natuntunan na ng mga Kastila na nakatalaga sa bayan ng Nagcarlan na pagsadyain. Maraming bagay ang ipinamulat ng mga Kastila sa mga taong naninirahan sa pook na ito, lalo na ang pag-ibig sa Diyos. Hinikayat ng mga Kastila ang mga kalalakihan na sumama sa kanila at pinangakuang bibigyan ng mabuting hanapbuhay at sila'y sumangayon. Kabilang sa mga lalaking nahikayat ng mga Kastila ay ang magkapatid na ulila na sina Laba at Angan na nagtataglay ng lakas at talino.

Maraming taong nawala ang magkapatid sa kanilang pook na walang makapagsabi ng tunay na nangyari sa magkapatid na Laba at Angan. Ipinalagay na lamang ng mga tao roon na nasa mabuti silang kalagayan.

Isang araw ay nagbalik ang magkapatid na Laba

at Angan at isinalaysay sa kanilang mga kanayon ang lahat ng kanilang pagka-api at pagdurusa sa kamay ng mga dayuhang Kastila.

Sangayon sa magkapatid na Laba at Angan sila ay dinala sa isang bayan dito sa Laguna at isinakay sa isang malaking barko at doon ay ginawa silang mga alipin sa pamamagitan ng pagpapalakad ng barko o paggaod sa ilalim ng barko na kasama ang maraming katutubo sa loob ng humigit kumulang na apat na taon. Sila ay nagkaroon ng pagkakataon na makatakas at makabalik sa sariling pook. Sa pangyayaring iyon, nag-alab ang kalooban ng kanilang mga kanayon at sila ay naghimagsik sa mga Kastila sa pamumuno ng magkapatid na Laba at Angan. Magmula noon ang pangalan ng magkapatid ay napabantog sa mga kanugnog na pook ng bayan ng Nagcarlan na kinatakutan ng mga Kastila.

Lumipas ang mga panahon, nawala na ang mga Kastila dito sa Pilipinas. Ang nayong tinubuan ng magkapatid na Laba at Angan ay wala pa rin pangalan kaya napagkaisahan ng mga tao na gawing Labangan ang pook na iyon na sangay sa magiting na magkapatid na namuno sa kanilang pook laban sa mga Kastila.

Kaya magmula noon ang pook na ito ay tinawag na nayon ng Labangan.

ALAMAT NG SINIPIAN

Noong unang panahon ang nayon ng Balimbing ay may nasasakupang limang gulod. Ito ay tinaguriang isa sa pinakamatandang nayon sa paitaas ng bayang Nagcarlan. Ang mga taong naninirahan dito ay masisikap at nagtutulungan. Sila ay nagsikap sa paggawa ng karsada, bahay at iba't ibang mabibigat na gawain sa pamamagitan ng bayanihan.

Palibhasa'y malaki ang interes ng noo'y namumunong si Kabesang Tasyo na matapos agad ang mga gawain inatasan niya ang kanyang magiting na kumpareng Toryo na pamunuan ang kalahati ng mga tauhan. Dito nagsimula ang pagkakaroon ng dalawang pangkat na ang nayon at tauhan ay sinipi sa kabuuan ng nayon ng Balimbing. Dala ng magandang pagsusunuran at pagsasamahan maraming nayon sa paligid ang gumagaya o sumipi. Palibhasa'y dulot ng kalikasan dito'y sumibol ang maraming nakaaakit na dilag. Dahil dito ang mga nayong nasa paligid ng nayon ay nagpipilit sumipi sa magagandang dilag. Magmula rito'y tinaguriang Sinipian.

ALAMAT NG DAMA DE NOCHE

Noong unang panahon may isang kaharian dito sa Pilipinas. Ang hari dito ay isang bantog sa kapang-

yarihan o katapangan at kayamanan. Ngunit ang kabantugang ito ng hari ay hindi rin nakapantay sa kagandahan ng kanyang anak na dalaga. Kayat hindi nakapagtataka na maraming maharlikang binata na anak ng mga Datu at Sultan ang pumupunta dito upang hilingin ang kamay ng magandang Prinsesa.

Isang araw samantalang ang prinsesa ay mamamasyal sa kanyang magandang halamanan, siya ay nilapitan ng kanilang hardinero na kanyang kasintahan. Ang dalawa ay nag-usap kung papaanong hindi malalaman ng hari ang kanilang ginagawang pagtatagpo. Hindi nila nalalamang may isang anino ang nagmamatyag sa kanila. Siya ay isang masugid na manunuyo ng Prinsesa.

Naririnig niya na tinitipan ng hardinero ang Prinsesa sa isang ilang na pook sa loob ng halamanan. Sa ganitong pag-uusap iniwan niya ang Prinsesa at ang hardinero. Siya ay nagtungo sa hari at ipinaalam ang kanyang mga narinig. Nagngitngit ang hari at pinagbantaang patayin ang hardinero.

Nang dumating ang araw ang tipanan, ang unang dumating ay ang Prinsesa. Lumampas na ang takdang oras ng tipanan ngunit hindi pa rin dumarating ang

ang hardinero. Hindi makararating ang hardinero sapagkat siya ay ipinadakip ng hari at ipinapatay.

Nang mainip na ang Prinsesa ay luhaang nanalangin at hiniling na siya ay gawing isang bulaklak na pinakamasamyo sa buong halamanan. Hiniling niya na ito upang hintayin ang kanyang kasintahan sa habang panahon.

Nang dumating ang hari ay isa ng punong halaman ang kanyang anak at ang bulaklak nito ay nag-aangkin ng isang pambihirang bango. Dahil sa nangyaring ito ay nagsisi ang hari. Pinaalagaan niya ang halaman. Napuna nila na tuwing gabi lamang ito humahalimuyak kaya pinangalanan nila ng "Bulaklak ng hating gabi" o "Dama de Noche."

ALAMAT NG PALAY

Ang alamat ng palay ay nagmula sa salita ng isang paslit na siya kong isasalaysay.

Noong unang panahon ang mga tao ay tanging sa mga hayop ugubat at bungang kahoy lamang umaasa

ng pagkain. Kabilang sa mga umaasang ito ay ang pamilya ni Daniel. Siya at ang kaniyang asawa't anak na siyam na buwan pa lamang ay maligaya sa kabila ng kanilang pamumuhay na isang kahig isang tuka.

Lumipas ang mga panahon, patuloy na umaasa ang mga tao sa kanilang kinagisnang pamumuhay. Subalit ang di nila inaasahan ay dumating. Ang mga bungangkahoy ay nagkaroon ng tuyot. Lumipas ang mga araw, dahil sa hayop-gubat lamang umaasa ang mga tao ay dumalang na ang hayop hanggang halos ay wala ng matagpuang hayop-gubat. At mangyari pa ang mga tao ay nagkagutom.

Kabilang sa mga nabahala ay si Daniel pagkat nagkulang ng pagkain ang kaniyang mag-ina manghihina ito at maaaring mamatay hanggang sa sumapit ang araw na talagang wala ng masimot na pagkain sa gubat.

Hindi malaman ni Daniel kung saan pupunta at kukuha ng pagkain. Nagpasiya siya na nagpaalam sa kaniyang asawa na halos manlata na sa gutom

dahil sa nasuso pa ang kaniyang anak. Lumakad si Daniel na walang tiyak na patutunguhan. Habang daan ay walang patid ang tawag sa Diyos na sana'y tulungan siya. Sumapit ang hapon halos maiyak siya sapagkat gabi na naman ay wala pa siyang nakukuhang pagkain. Dahil sa lata na rin siya sa tindi ng gutom, lupaypay siyang napasalagmak sa isang puno at napaiyak nang nakayuko. Ngunit ng mag-angat siya ng mukha ay nagulat siya nang mamalas niya ang maningning na butil na tulad sa ginto. Tumindig siya at marahang lumapit sa naturang bagay. Hinipo iyon sabay wika, "Diyos ko, hindi ko kailangan ang ginto, ang kailangan ko'y pagkain, at muli siyang napaiyak.

Biglang kumulog at kumidlat at pagkatapos ay may mahiwagang tinig na nangusap at ang sabi, "Lalaki iuwi mo ang naturang bagay na iyan at sa pamamagitan ng butil na iyan ay maiibsan ang inyong gutom." At ipinaliwanag ng mahiwagang tinig kung paano iyon makakain at mapagyayaman.

Noon din ay lumisan si Daniel na hindi na-

dalang lahat ang naturang butil kaya kinabukasan ay nagtungong muli sila roon na may kasamang kalalakihan. At sa pamamagitan nga ng naturang butil ay naibsan ang gutom ng mga tao at tinupad din nila ang bilin ng mahiwagang tinig. Pinagyaman nila ang naturang butil sa pamamagitan ng pagtatanim.

Minsang nasa bukid si Daniel, samantalang ang kaniyang mag-ina ay nagluluto, buhat sa kinahihigaan ng bata ay nalanghap nito ang masarap na amoy ng butil na niluluto. Nagpilit itong gumapang papunta sa kusina. Nang nasa may kalan na ang bata at kakapit na lang sa niluluto ay nadampot ito ng ina at ang bata'y sa kanyang pagpipilit ay nasambit ang "Paay Paay" nabigla ang ina at sumagot ang anak na "Oo paay nga iyan." Sa pagsasaliw sa labi ng ating mga ninuno ang salitang "paay" ay naging "palay" na siya nating pangunahing pagkain ngayon.

ALAMAT NG LANSONES

Ang matamis na bunga ngayon ng Lansones ay

ay hindi nakakain noong mga dakong una, sapagkat yaon ay nakakamatay. Sa maraming bayan at lalawigan ng Luzon, lalo na sa Laguna na ngayon ay siyang may pinakamaraming inaaning lansones, ang lansones ang halamang ito ay halos naggugubat, sapagkat nagtubo lamang sa tabing daan, sa mga tumana, sa mga parang at sa mga bukid.

Gayunman, ang mga tao ay malaki ang pangingilagan sa mga bunga ng lansones, sapagkat sa isang bayan din ng Laguna ay may isang malungkot na pangyayaring naganap na ang dahilan ay ang mga bunga ng lansones.

Sinasabing may isang matandang pulubi na sa kalalakad sa mga kanayunanay inabot ng matinding gutom at yhaw. Noon ay katanghaliang tapat at ang sikat ng araw ay nakapapaso, kaya't naisipan ng matanda na sumilong sa isang malagong puno na nahihitik ng magandang bunga. Ang maliit at manilaw-nilaw na bungang yaon sa pagkahinog ay malabis na nakaakit sa mga mata ng napapagod at nagugutom na pulubi. Sapagkat hindi niya nalalaman kung ano ang punong yaon ay pumitas siya ng bunga

at buong pananabik na kinain. Nasarapan naman siya sa lasa, kaya't nasisiyahan siyang kumain ng kumain, datapuwa't pagkaraan lamang ng kalahating oras ay sumakit na ang kanyang tiyan, bumubula ang bibig at noon din at tinanghal siyang malamig na bangkay.

Nagkagulo ang maraming tao sa wala nang buhay na pulubi. Gayon na lamang ang kanilang takot, sapagkat minsan pa nilang napatunayan na ang mga bunga ng lansones ay pinangingilagan at tunay na lason at nakamamatay.

Lumipas ang maraming taon at ang malungkot na pagkamatay ng pulubi ay halos nalimutan na sa bayang yaon. Gayunman ang mga bunga ng lansones ay pinangingilagan pa rin, sa paniwala ng mga tao na talagang lason at nakamamatay.

Subalit doon din sa pook na yaon at sa lilim din ng mga puno ng lansones ay may isang magandang diwata na nagkapagpahingalay. Ang diwatang yaon ay hindi kilala ng mga taga roon at kung saan siya nagbuhay at wala silang nalalaman. May nagsasabing

ang diwata ay isang nimpa na umahon sa batisan nagpapalagay namang ito ay sugo ni Apolo at anak ng marikit na araw.

Sa gitna ng mga pagtataka ng mga tao ay nakita nilang ang marikit na dalagang yaon ay pumitas ng mga bunga ng lansones at kumain ng kumain. Nahihintakutan ang mga nagsisipanood, sapagkat naguguni-guni nilang pagkaraan ng ilang sandali ay masasaksihan nilang mamimilipit ito at walang salang mamamatay.

Datapuwat lumipas ang maraming oras ay nabigo ang kanilang paniwala. Ang mahiwagang babae ay patuloy pa rin ng nagbubukas ng mga hinog na bunga ng lansones at patuloy na kumain na sinasabayan pa ng matamis na pag-awit. Nakita nila na hindi man lamang dumaing ang diwata na pumitas pa ng ilang bunga at nang mabusog ay umalis. Sa ganyan ay inisip ng mga tao na siyasatin ang bunga ng lansones. Sa bawat bunga ay nakita nila na may kurot na yaon. Sa ganyan ay isinaloob nila na may kurot na yaon ay kurot ng birhen at ng diwatang

kumain ay walang iba kundi isang birhen na inalis ang bisa ng lason sa pamamagitan ng kurot. Mula noon ay nagsikain na rin ng lansones ang tao at natiyak nilang masarap at hindi nakamamatay.

ALAMAT NG NIYOG

Noong unang panahon sa isang bayang malapit sa Lawa ng Laguna ay may nakatirang isang mag-anak. Sila ay may isang anak na isang magandang dalaga. Ang dalagang ito'y mayroong kasintahan. Taga-ibang bayan ang kasintahan ng dalaga. Ang binata ay mabait at mapagmahal.

Ang mga magulang ng dalaga'y galit sa kanyang kasintahan. Hindi nila nais mawalay ang kaisa-isang anak sa piling nila. Minsan ang binata ay naglakas loob na lumapit sa mga magulang ng dalaga. Hiniling niyang sila ng kanyang kasintahan ay makasal na. Hindi inaasahan ng mag-asawa ang maagang pagtatapat ng binata.

"Hindi maaari," ang tugon ng mga magulang.

"Hindi ka namin papayagang makasal sa aming anak. Lumayas ka rito. Mula ngayon ay huwag ka nang paparito." Malungkot na nagpaalam ang binata.

Mula noon ay binantayang mabuti ang dalaga ng kanyang mga magulang. Hindi siya pinayagang makipagkita sa binata. Gayon na lamang ang kalungkutan ng dalaga.

Lumipas ang maraming mga araw, hindi na nakita ng dalaga ang binata. Hindi nga sumipot ang binata. Gayunman ay naghintay siya. Alam niya ang laki ng pag-ibig sa kanya ng binata.

Dumating ang tag-ulan. Bumuhos ang malalakas na ulan. Lumaki ang tubig sa ilog na malapit sa bahay ng dalaga. Bumaha sa bakuran ng kanilang bahay. Isang araw isang igat ang lumapit sa dalaga. Ang laki ng gulat ng dalaga nang ito ay magsalita.

"Ako ang iyong kasintahan. Humingi ng tulong ang iyong ama sa isang engkantado upang gawin akong isang igat. Kung talagang mahal mo ako'y ibaon mo sa iyong halamanan pagkati ng tubig, pag-

katapos mo akong hanguin sa tubig. Nais kong lagi kitang kapiling." Noong una'y ayaw tuparin ng dalaga ang bilin ng igat. Awang-awa siya rito. Ngunit nang malauna'y pumayag din siya. Ibinaon niya ang igat sa halamanan. Pagkaraan ng ilang araw ay isang puno ang tumubo sa libingan ng igat. Madaling lumaki at tumaas ang puno. Ito ay lumago. Hindi nalaunan at nagkabunga ang puno. Ang mga bunga nito ay mabibilog at sinlalaki ng ulo ng tao, at maraming bunot.

Pumitas ng isang bunga ang dalaga. Inalis niya ang balat na bunot nito. Nakita niyang mukhang tao ang bunga. May dalawang mata at may isang bibig. Ito ay tulad ng ulo ng kanyang nawawalang kasintahan.

Yaon ang kauna-unahang niyog. Ang niyog ngayon ay masarap na kainin. Malaking tulong ang niyog sa buhay ng tao.

ALAMAT NG ALITAPTAP

Noong unang panahon nang ang daigdig ay bata

pa. Walang kumikislap maliban kay Haring Araw. Lahat ng mga halaman ay masisigla at sariwa. Si Haring Araw ay may isang kaibigang nagnganga-lang Ceres, ang Reyna ng mga halaman. Araw-araw si Ceres ay naglalakbay upang alagaan ang mga halamang binubuhay ni Haring Araw. Nakauga-lian na ni Ceres na umuwi buhat sa malayong pag-lalakbay kung natatanaw niyang lumulubog na si Haring Araw sa kanluran.

Isang araw nakaligtaan ni Ceres ang pag-lubog ng kaibigan. Nalibang siya sa pamamasyal sa halamanan. Nagulat siya nang biglang kumalat ang lambong ng karimlan sa buong paligid. Tini-ngala niya si Haring Araw, subali't ito'y wala na. Nag-uumapaw ang galit sa kanyang puso. Hindi man lamang siya pinaalalahanan ni Haring Araw. Tinawag niya ang kanyang kaibigang bubuyog. Nang ito'y dumating nagulat siya sapagkat luhaan ito.

Salamat at dumating ka, kaibigang bubuyog wika ng Reyna, Bakit ka lumuluha? Tanong pa niya.

"Ano ang maitutulong ko? wika ng Reyna.

Kung maaari po sana ay pagkalooban ninyo ako ng ilaw nang sa gayon ay makita ko ang nawawala kong anak, tugong ng bubuyog, "Ipagkakaloob ko sa iyo ipangako mo lamang sa akin na ihahatid mo ako sa aking kaharian, wika ng Reyna.

Mula noon hindi na nangangamba ang Reyna kung lumulubog ang araw. Ang alitaptap ang siyang naghahatid sa kanya buhat sa paglalakbay. Mula noon ang bubuyog na may taglay na ilay ay tinatawag na alitaptap bilang pagsunod sa ngalan ng Reyna Ceres.

ALAMAT NG MAKAHIYA

Si Mang Dandoy at si Aling Iska ay mayaman. Sila ay may isang anak na babae na labingdalawang taon ang gulang. Ang pangalan niya ay Maria.

Mahal na mahal nina Mang Andoy at Aling Iska si Maria. Mabait siya, mapagkawanggawa, masipag, at masunurin sa magulang.

Si Maria ay may isang kapintasan. Siya ay

mahiyain. Nahihiya siyang makipag-usap sa mga tao. Kung may panauhin sa kanilang bahay ay nagtatago siya sa kanilang halamanan. Ang halamanan sari-saring bulaklak sa halamang ito. Alagang-alaga ni Maria ang kanyang halamanan. Siya ay maligaya kung nagdidilig ng mga halaman.

Kinabukasan ay nagtungo ang mga tulisan sa bayan nina Maria. Malayo pa ay natanawan na ni Mang Dandoy ang masasamang loob. Kanyang pinagtago sa halamanan si Maria.

Takot na takot si Aling Iska. Narinig niyang sinisira na ng mga tulisan ang malaki nilang pintuan. Tumalaga na sila sa mangyayari.

Diyos ko, ang panalangin ni Aling Iska. Iligtas mo po ang aking anak, siyang pagkasira ng pintuan. Nakapasok ang mga tulisan. Pinalo ng mga tulisan ang ulo ni Mang Dandoy. Nawalan ng malay si Mang Dandoy. Tatakbo sana si Aling Iska at paroroonan niya ang kanyang anak. Pinalo rin siya sa ulo ng mga tulisan. Nawalan din siya ng malay. Kinuha ng mga tulisan ang kanilang salapi

at mga hiyas. Nagtungo sa halamanan ang mga tulisan. Hinanap nila si Maria. Hindi nila nakita si Maria. Umalis na sila upang manloob naman sa ibang bahay.

Nang matauhan ang dalawang matanda ay wala na ang mga tulisan. Dali dali silang nagtungo sa halamanan. Hinanap nila ang kanilang anak. Hindi nila nakita. Akala nila'y nakuha ng mga tulisan.

Walang anu-ano'y napaaray si Mang Dandoy. Tumungo siya upang tingnan ang nakatinik sa kanyang paa. Namangha siya nang makita ang isang maliit na halamang yao'y si Maria na iniligtas ni Bathala sa kamay ng mga tulisan.

Napaluha si Aling Iska. At lalong namangha si Mang Dandoy nang makita niyang parang hinilang bawat patak ng luha ni Aling Iska na nalaglag sa halaman ay naging maliliit at mabibilog na bulaklak na ang kulay ay rosa-lila.

Sapul noo'y inalagaan nila ang halamang munti na sa tuwing masasaling ay tumitikom ang mga dahon.

Batid nilang yaon ang kanilang anak na mahiyain.

ALAMAT NG MAKOPA

Iyon ay isang bayan liblib na pook, malapit sa bundok at halos napapaligiran ng mga gubat. Ang mga tao roon ay di naman masasabing huli sa panahon at di nakaaalam ng nangyayari sa iba't ibang bayan, sapagkat sila'y nakikipagpalitan ng mga kalakal. Lubha silang nasisiyahan at malakas naman ang kanilang pag-unlad. Laging masagana ang kanilang mga ani, malulusog silang kapwa, at ang lahat ay parang magkakapatid.

Ngunit hindi ang mga tao roon o ang mga pananim o ang mga kalakal ang balitang-balita, kundi ang gintong batingaw na di umano raw ay siyang nagbibigay kagalakan at kasiyahan sa mga tagaroon. Kakaiba raw ang tunog ng batingaw na iyon, at lubhang katangi-tangi sapagkat ang sinumang makarinig ng tunog ay sapilitang ngingiti at magsisimba upang manawagan at magpasalamat sa Poong Maykapal.

Malaki naman ang pagmamalasakit ng bawat isa

sa gintong batingaw at gayon na lamang ang kanilang ginagawang pag-iingat sa inaakala nilang nagbibigay-buhay at kasiyahan sa kanilang lahat.

Sa malayo at malapit na pook ay alam na alam ang kasaysayan ng gintong batingaw. Marami ang nagnanais na magkaroon ng batingaw na ganoon at kabilang ang mga tulisang nananahan sa karatig-gubat ng bayang iyon. Kaya naman ibig nila ang batingaw ay upang tunawin at nang maipagbili ang ginto.

Isang araw ang bayan ay ginagambala na lamang at sukat ng mga sigain na "Tulisan, Tulisan." Ang gintong batingaw ay ibig nakawin ng masasamang-loob. Dali-daling itinago ng mga pare ang mahalagang batingaw kaya't nang dumating ang mga tulisan ay di nila nakita ang kanilang sadya.

Pinahirapan ang mga pare upang isigaw ang pinagtaguang pook, ngunit kahit na anong pahirap ang gawin sa kanila, ang mga kahabag-habag ay di rin nagsalita, hanggang ang lahat ay pinugutan ng ulo ng mga halimaw.

Wala na ang mga tulisan at payapa na ang bayan. Ngunit naghahari ang kalungkutan sapagkat nawala ang batingaw. Patay nang lahat ang nakaaalam ng pinagtaguang pook at naghanap pa sila sa lahat ng lugal. Bata't matanda, malakas at mahina, mayaman at mahirap, ay nagkakatulong sa paghahanap.

Isang araw ang lahat ay namangha na lamang nang makita nila ang isang punongkahoy na malaki at mayabong na hitik na hitik sa mga bungangkahoy kulay rosas at pula. Di pa sila nakakakita ng bungangkahoy na ganoon. Hugis kampanang lahat ay napakagaganda. Halos lahat ng tao sa bayang iyon ay naroroon at humahanga sa punongkahoy na kahimahimala nang sa darating ang isang matanda. "Ako'y may narinig na tinig at ang sabi ay ganito, humukay kayo sa ilalim ng punongkahoy at tutubo sa tabi ng simbahan. Ang lahat ay dagling sumunod sa sinabi ng matanda. Ano kaya ng kanilang nahukay at ganoon na lamang ang kanilang tuwa? "Lumuhod tayong lahat at tayo'y magpasalamat sa Diyos, ang sabi ng matanda. Silang lahat ay sabay-sabay na lumuhod at nagdasal ng isang pasasalamat.

Masaya na naman ang buong bayan. "Telebung-bang Telebung-bang Telebung-bang. Ang gintong batingaw ay nagpaligaya na naman.

Tuloy ang pamumunga ng punungkahoy. Ang mga bata'y tuwang-tuwa sa mga bunga dahil sa mga ito'y magaganda at hugis kopa rin. Natuklasan nilang nakakain ang mga bunga at ng lumaon tinawag itong makopa.

ALAMAT NG MANGGA

Sa tuwing nakakakita kayo ng mangga, napapansin ba ninyo ang hugis nito? Ito'y hugis puso, hindi ba? Narito ang isang magandang alamat tungkol sa pinagmulan ng hugis-pusong mangga.

Sa isang bayan sa Aklan ay may naninirahang lalaki na ubod ng tapang. Siya ay si Magamat na kilalang-kilala sa kanilang bayan dahil sa kanyang pag-uugali. Siya ay ubod ng tapang at masyadong mainitin ang ulo. Maraming babaing pinuntuho si Magamat subalit sa dami ng mga babaing iyon isa man ay walang nagkagusto kay Magamat dahil nalala-

man nila ang taglay na ugali ni Magamat. Sa kung anong dahilan ay may isang dalagang umibig kay Magamat. Siya ay si Lagduan na ubod ng hinhin at nagtataglay ng pag-uugaling lubhang taliwas sa mga pag-uugali ni Magamat. Ang pakikipag-kaibigan ni Lagduan kay Magamat ay lubhang tinutulan ng mga magulang ng dalaga. Subalit dahil sa mahal nila ang kanilang anak ay pumayag din silang makasal ang dalawa. Ang pagsasama ng dalawa ay biniyayaan ng Diyos ng isang maganda at malusog na sanggol. Ang sanggol ay pinangalanan nilang Maboot. Subalit habang lumalaon ay lalong gumaganda si Maboot. Subalit tulad noong kabataan pa ni Maboot pati na ng kanyang puso ay pinanghimasukan ng kanyang ama. Ito ang pumili ng lalaking kanyang makakaisang puso na di naman niya iniibig at tulad din ng kanyang ama ang pag-uugali.

Magmula noon ay naging malungkutin si Maboot at madalas ay di na ito kumakain. Itinakda ang araw ng kanilang kasal subalit bago dumating ang araw na iyon ay natagpuang bangkay si Maboot sa kanyang silid. Uminom siya ng lason. Ang nang-

yaring iyon sa kanyang anak ay lubos na dinamdam ni Magamat. Magmula noon ay madalas siyang makitang lumuluha at nagsisisi sa kanyang ginawang panghihimasok sa damdamin ng kanyang anak. May mga gabing di siya makatulog hanggang minsan ay dalawin siya ng multo ni Maboot. Sinabi ng kanyang anak na siya ay matatahimik sa kabilang buhay kung susundin ang kanyang ihahabilin.

Kinabukasan, maaga pa lamang ay naghanda na si Magamat sa kanyang pagalis. Nagpaalam siya kay Lagduan at tuloy-tuloy na nagtungo sa may tabing ilog. Tulad ng sinabi sa kanya ni Maboot, natagpuan niya doon ang isang punongkahoy na hitik sa bunga. Isa-isa niya itong pinitas at dinalang pauwi sa kanyang bayan. Doon ay ikinalat niya ito gaya ng ipinag-uutos ni Maboot. Mula noon ay nagkaroon ng maraming ganoong uri ng punongkahoy sa lugar na iyon. Ang punongkahoy na iyon ang naging tagapaggunita sa mga magulang ukol sa panghihimasok sa suliranin sa puso ng kanilang anak. Lumaki at namunga ang mga punong itinanim subalit isa man ay walang makapangahas na kumain ng bunga ng natu-

rang puno. Hanggang sa dumating ang isang dayuhan sa bayang iyon at siya ay kumain ng naturang bunga. Sa nakita ng mga tao na hindi mga pala nakamamatay ang bungang iyon ay kumain na rin sila. Magmula nga noon ay naibigan na ng mga taong kainin ang bungang iyon na ubod ng tamis at linamnam. At sapagkat napansin nilang ito'y hugis puso ay tinawag nila itong Mangga na ang kahulugan ay hugis-puso.

ALAMAT NG MAYA

Si Rita ay batang lubhang malikot. Ang kanyang ina ay laging naiinis sa mga ginagawa niyang hindi dapat gawin ng batang katulad niya.

Isang araw, ang kanyang ina ay nagbayo ng palay. Si Rita ay nanood sa kanyang ina. Siya'y gutom na gutom sapagkat galing siya sa laruan. Nang mayroon ng isang salop ang nabayong bigas, si Rita'y nagsimula nang kumain ng bigas. Ang nalagyan ng bigas ang malaki at may takip na bilao. Binuksan niya at pumasok siya sa loob. Ngayon natak-

pan siya sa bilao. Hindi nahalata ng ina. Nang matapos na ang ina sa kanyang pagbabayo, tinawag niya si Rita upang mautusan sa pagbabayo o pagtatago ng binayol Hindi sumagot si Rita. Hinanap ng ina sa lahat ng taguan, wala rin si Rita roon.

Nang kanyang buhatin ang lalagyan ng bigas may lumabas na maliit na ibon galing sa loob. Kumakain ng bigas ang ibong iyon. Ang ibong iyon ay si Rita, ang tinatawag ngayong maya.

ALAMAT NG DAHONG PALAY

Noong unang panahon ang mga ahas ay walang kamandag. Sa ganito sila ay di kinatatakutan at pinakukundanganang tisurin o patayin. Sa gayon nilang katayuan ay minarapat nilang gumawa ng paraan upang sila'y panginlagan ng tao at huwag patayin.

Kaya ang kanilang puno'y dumalangi't humingi ng kamandag kay Bathala. Ang kanilang kahilingan ay di naman pinagkaitan ng Panginoong Diyos.

Isang araw ang Panginoong Diyos ay nanaog at dala ang isang kamandag upang batiin ng mga ahas. Ang unang nakakuha ng kamandag ay ang ulupong kung kaya ang kanya ng pinakamabagsik. Ang lahat ay nakakuha ng kamandag maliban lamang sa dahong palay na hindi kaagad nabatid ang pagbibigyan ng kamandag.

Nang datnan niya ang pook na bigayan ng kamandag ay ang banga na lamang ang kanyang nakita. Sa hangad niyang magkaroon ng kamandag ay nagpaikot-ikot siya sa loob ng banga bagay na ang kamandag ay napunta sa kanyang balat.

Ngayong ang dahong palay ay may kamandag sa balat at di sa loob ng katawan.

ALAMAT NG HALAMANG AROMA

Ang aroma'y isang uri ng halamang lubhang matinik ngunit may malaking silbi sa mga taga-bukid. Ang dagta't dahon nito'y nagsisilbing mahusay na panlunas sa karamdaman sa tiyan at ulo.

Ayon sa mga matatanda ang aroma'y isang halamang kinatatakuta't pinangingilagan ng ano pa mang may buhay noong unang panahon, sapagkat ito'y may kamandag at nakalalason. Ayon din sa kanila ang sino pa mang malapit o masaklaw ng anino ng aroma'y sukat nang mamatay. At kung paano naging kapakipakinabang sa sangkatauhan ang aroma'y ang Maykapal na rin ang may kagagawan.

Noon daw bata pa ang ating Panginoong Hesukristo ay madalas makipaglaro sa mga kapwa bata sa kaparangan. Isang araw nakatuwaan nila ang magtaguan. Ang ating Panginoon ay isa sa mga nagtago. Nang lumao'y napagkita na ng taya ang mga nagtago maliban sa ating Panginoong Hesukristo na di nila malaman kung saan nagsuot. Ganoon na lamang ang kanilang pagtataka ng matanawan nila ang batang Panginoon sa itaas ng punong aroma. Buhat noon ang kamandag ng aroma'y naparam bagkus nagsilbi pa ngang gamot ang dagta't dahon.

Iyan ang dahilan kung bakit ang aroma'y di natin pinangangambahan sa ngayon.

ALAMAT NG ILANG-ILANG

Ang punong ilang-ilang ay walang silbi noong unang panahon maliban sa panggatong ngunit pinag-kalooban ng mapaghimalang kalikasan ng isang kata-ngiang namumukod sa lahat ng punong-kahoy dahil sa kagandahang asal.

Noong malakas ang hangin at ulan sa sandaling yao'y may dalawang paru-parong dilaw na bago pa lamang nahubdan ng kanilang baluting sutla kaya't mahina pa ang mga pakpak. Pinilit nilang lumipad upang humanap ng kanlungan ngunit nagmaramot ang mga punong kanilang nadapuan. Lupaypay na sa gi-naw ang mga paru-paro hanggang sa pagkalooban ng ilang-ilang na makasilong. Magdamag na nakisilong ang dalawang paru-paro na buong ingat namang kinali-nga ng ilang-ilang.

Nang tumigil ang ulan at hangin-kinabukasan ay labis na nagtaka ang ilang-ilang pagkat hindi dala-wang dilaw na paru-paro ang nasa kanyang sanga kun-di mga mababangong bulaklak na halos lahat ng kan-yang mga sanga. Binigyan siya ng gantimpala ng ka-

likasan dahil sa kanyang kabaitan.

Mula noon ay naging maligaya ang ilang-ilang pagkat naggagandahang mga dalaga ang pumupupol ng kanyang mga bulaklak. Hindi na rin siya ginawang panggatong.

ALAMAT NG PARU-PARO

Marahil ay halos lahat ng pangalan ng pook, bagay o hayop ay may kanyang-kanyang pinagmulan ng pangalan at ang paru-paro ay may sarili ring alamat kung bakit siya ay tinawag na paru-paro.

Noong araw ay mayroong dalawang ulilang magkapatid na naninirahan sa isang bukid. Ang magkapatid na ito ay sina Amparo at Nelia. Si Amparo ang panganay na may masamang ugali at si Nelia naman ang bunso na siyang nagsisikap para sa kanila. Ang kanilang ikinabubuhay ay ang pagbibili ng mga bulaklak na napipitas sa kanilang maliit na hardin. Dito nila kinukuha ang kanilang ikinabubuhay.

Sa paglipas ng mga araw ay hindi naalis kay

Amparo ang pagiging masungit kaya walang magtiyagang manligaw sa kanya kahit siya ay ubod ng ganda. Samantalang si Nelia ay naging malapit sa mga tao dahil sa kanyang kabaitan. Sa kabila ng kapangitan ni Nelia ay mayroong nanligaw sa, kanya, subalit gumawa ng paraan si Amparo upang tumigil o layuan ng huli ang kapatid.

Isang araw ay pinagalitan at sinaktan si Nelia ni Amparo. Dahil sa habag sa sarili ay tinangka ng huli na magpakamatay sa ilog. Ngunit bago nangyari iyon ay may lumabas na isang matandang babae at ang sabi,"Ineng ako'y gutom na gutom na, maaari bang humingi sa iyo ng pagkain"? Nahabag si Nelia at umiral ang kaniyang kabaitan kayat nalimutan niya ang tangka at sa halip ay takbong umuwi upang kumuha ng pagkain at ibinigay sa matanda. Nang makakain ang matanday nagpasalamat ito at bilang pagtanaw ng utang na loob ay kinuha nito ang isang tapis niya at ibinigay kay Nelia. Pilit na tumanggi ang huli subalit sa pilit ng matanda ay kinuha na rin niya iyon. Bago umalis ang matanda ay nagwika "kapag suot mo ang

tapis na ito ay mayroong pangyayaring maiiba sa iyo." Pagkasabi niya ito ay biglang naglaho.

Naguluhan si Nelia sa ibig sabihin ng matanda kaya pagdating niya sa kanila ay isinuot ang naturang tapis sa harap ng salamin. At ano ang gulat niya ng makita ang sariling napakaganda niya. Napaiyak ito sa matinding galak.

Subalit ang hindi niya alam ay kanina pa siya pinagmamasdan ni Amparo at nang makita ang pangyayari ay muling umiral ang pagkamaingitin nito kaya dali-daling hinanap ang kapatid at walang sabi-sabing hinablot ang tapis at ang wika "sa akin ito nararapat, ikaw ay pangit at siguro lalo akong gaganda kung ito ay suot ko."

At pagkasabi niyon ay isinuot nga ito, subalit biglang-biglang kumulog at kumidlat at sa pagkabigla ni Nelia ay biglang nawala ang kaniyang kapatid at sa halip ay isang munting hayop ang nakita niyang kakulay ng tapis. Magsasalita sana siya ng bigla siyang may narinig at ang sabi "Iyan ang parusa ko sa kanya sa paghahangad sa tapis na

iba't-ibang kulay. Iyan ang mananatiling suot niya." Pagkasabi niyon ay lumipad ang hayop. Saka lamang parang natauhan si Nelia at hinabol ang hayop at ang sabi "Ate Amparo magbalik ka Ate Amparo ...." Patuloy ang paglipad ng hayop hanggang ang nasambit na lamang ni Nelia kay Amparo. Sa matinding hapo at pagod ang nasabi niya ay "Amparo" na ng masalin sa labi ng marami ay naging "Paru-paro." At ito ang kasaysayan ng paru-paro, kung bakit mayroong iba't ibang kulay ay sapagkat iba't ibang kulay rin ang naturang tapis.

ALAMAT NG KAWAYAN

Ang alamat ng kawayan ay nagmula sa isang lalaking may masamang ugali.

Noong unang panahon sa isang lugar ay mayroong mag-asawa na nagngangalang Juan at Maria. Ang mag-asawang ito ay mahirap lamang ngunit dahil sa panglalamang ni Juan sa kapwa sa pamamagitan ng mga bagay na di kanais-nais ay unti-unti silang yumaman.

Sa pagsulong ng kanilang kabuhayan si Juan ay naging mapagmataas samantalang ang kaniyang asawang si Maria ay nanatiling mapagpakumbaba pagkat alam niyang ang kanilang salapi ay nanggaling sa hirap ng kapwa. Lumipas ang mga araw si Juan ay nanatiling may masamang ugali at sa tuwina ay di nagkulang ng paalaala ang kaniyang butihing asawa na "aniya Juan bakit mula ng sumulong ang ating kabuhayan ay naging mapagmataas ka?" Ito'y sa tuwina ay laging sinasagot ni Juan ng "Dahil sa takot ay naging sunod-sunuran na lamang siya sa maling gawa ng asawa.

Lumipas pa ang araw at isang hapon ay dumating ang nakababatang kapatid ni Juan at ang sabi "Kuya may sakit ang aking asawa. Tulungan mo ako wala na akong matatakbuhang iba." Sa halip na maawa ay umiral ang pagiging ganid nito at sumagot ng "ang salapi ko ay hindi napupulot. Ito ay pinamuhunan ko ng hirap. Pauutangin kita kung mayroon kang ipiprenda sa salaping uutangin mo." Dahil sa talagang gipit napilitang iprenda nito ang kanyang lupang kinukunan ng ikabubuhay.

Nang dumating ang araw ng pagtubos ay naki-
usap ang kapatid kay Juan at muling binigyan ang
kapatid ng taning at ng sumapit ito ay halos i-
pagtabuyan ni Juan ang kapatid kahit ito'y palu-
hod na nakikiusap. Napilitang umalis ang kapatid
ni Juan at ito'y nag-iwan ng salitang sana'y mana-
tili si Juan sa mataas. Isang araw si Juan ay
galing sa kaniyang malawak na lupain. Nang duma-
ting siya sa kaniyang bahay ay wala ang kanyang
asawa. Hinanap niya ito subalit hindi niya ito
natagpuan. Nang magbalik siya sa bahay isang ma-
tandang babae ang humihingi ng tulong kaya sa ha-
lip ay bigyan niya ito ng tulong ay itinaboy niya
ang matanda. Bago umalis ang matanda ito'y magwika.
Dahil sa iyong kataasan ikaw ay aking parurusahan.
Simula sa araw na ito ikaw ay magiging isang mataas
na halaman na mahuhuyok dahil sa kataasan mo. At
pagkasabi niyon ay kumulog at narinig ang tili ni
Juan. Nang mapawi ang ingay ay tumambad ang isang
punong ubod ng taas samantalang ang matanda ay pa-
rang bulang nawala. Nang dumating si Maria ay na-
gulat siya sa punong nasa harap ng kanilang tahanan.
Tatawagin sana niya si Juan. Huwag mo siyang ha-

napin dahil sa kanyang kataasan ay mananatili siyang isang mataas na puno na nahuhutok sa matinding taas at iyan ay tatawagin mong kawayan.

ALAMAT NG DUHAT

Noong unang panahon bago dumating ang mga Kastila sa kapuluang Pilipinas ay mayroon ng isang pangkat ng mga taong itim ang naninirahan sa isa sa ating kagubatan. Ang pangkat ng mga taong itim ang namumuno ay ang Duhat. Siya ay minamahal ng balana dahilan sa kanyang kabutihan at taglay na angking lakas at katalinuhan.

Sa kabila ng kanyang kabutihan at taglay na mga mababuting katangian siya ay kinamumuhian ng ilan sa kanyang mga tauhan hanggang sa siya'y barilin.

Bago siya namatay ang kanyang dugo ay sumabog at dumilig sa isang halaman na nagbunga ng kumpol-kumpol. Sa hindi inaasahang pangyayari, ang pumong bunga nito ay naging lila.

Upang maging laging buhay ang alaala ng dakilang puno, ang bungang iyon ay tinawag nilang duhat.

ALAMAT NG MAKAPUNO

Noon daw unang dako, sa isang pook nitong pulo ng Loson, may dalawang magkaibigang kapwa lalaki. Ang isa ay bulag at ang isa ay hindi. Isang dampa ang kanilang tinitirahan. Ang hindi bulag ay lagi na lamang kasama-sama ng bulag kahit saan sila pumaroon sa panghihingi ng limos upang kanilang maipagtawid buhay. Ang dalawang ito isang araw ay nagkasundo na, sapagkat sa bunsuran ng kanilang dampa'y may isang puno ng niyog na hitik sa bunga ay nagkaisa na kinakailangang adyuhin ang punong-niyog na iyon upang mapitas nila at mapakinabangan ang bunga.

Sapagkat ang isa sa kanila ay hindi nga bulag ay ito ang nangahas na umadyo. Ngunit nang nasa itaas na at ng dudukhawin ang isang sariwang palapa upang mapanguyapitan sa pag-abot sa buwigan ng niyog ay hindi niya mahagip-hagip ang sariwang palapang iyon hanggang sa siya ay abutin ng pangangalay kayat ang nahagip ay ang tuyong palapa, bagay na sa masamang kapalaran ay biglang nagapak ang tuyong palapa at halos magkasabay na nahulog na palagunos sa lupa.

Ang kasamang bulag na nasa ibaba na buong pananabik na nagaantabay sa pagpatak ng niyog ay biglang natuwa sapagkat ang akala niya ay iyon na ang katuparan ng minimithi nila. Biglang ginalbot ang itak na nakasalong sa kaluban sa kanyang baywang, kakapa-kapa na ang pinagbabatayan lamang ay ang tunog ng lagabog ng bagay na lumagpak sa lupa ay biglang inundayan ng isang malakas na taga. Ang ulo ng kanyang kaibigan ang siyang tinamaan ng malakas na tagang iyon, na siyang ikinabiyak.

Nang tawagin niya ang pangalan ng kanyang kaibigan upang ipagparangalan ang kanyang ginawa, na sa buong akala niya ay nasa dulo pa ng niyog ay wala siyang narinig na sagot. Ilang ulit na halos pasigaw niyang tinawag ang pangalan ng kasama niya, ngunit gaya rin ng dating walang sagot siyang tinanggap, bagay na pagkatapos ng ilang sandali, nang marinig ng kanilang ilang kapitbahay na hindi naman lubhang kalayuan sa kanila, siya ay dinaluhan at nabatid ng mga iyon ang kahambal-hambal na nangyari.

Palibhasa'y nang panahong iyon ay wala pang libingan sa alinmang pook na pinaninirahan ng mga tao ay sa loob ng bakuran na ring iyon ng bahay

nang nasawi inilibing ng mga dumalo ang bangkay ng kaibigan ng bulag, ng mga matulungin at maawaing kapitbahay.

Ngunit makalipas lamang ang maghapon at magdamag, ay lubos na nagtaka ang madla, sapagkat nakita nila sa lugal na pinaglibingan ng bangkay ng nahulog mula sa dulo ng niyog, may tumubo noong isang puno na nang kanilang tingalain ay nakita nila na hitik sa maraming bunga. Ang ginawa ng iba ay sinungkit ang mga tuyong bunga at kanilang biniyak. Lalo pa silang nagtaka nang kanilang mabiyak ang bungang iyon ng niyog. Nakita nilang punung-puno ng laman. Tunay na makapuno. Ipinalagay nila na iyon ang utak ng taong kanilang inilibing. Ang pagtataka ay nauwi sa ganap na paniniwala at pagsampalataya sa kababalaghan ng kalikasan.

Sapagkat puno nga ng laman ang ilan sa kanilang biniyak na niyog ay binansagan nila ito ng makapuno